
Paano Bigkasin ang Pag-ibig?

MGA KUWENTO NG PAG-IBIG, PIGHATI, AT PANGARAP



MGA MAY AKDA
Jean Wico • Jayneca Reyes • judy a. pasimio

Paano Bigkasin ang Pag-ibig?

MGA KUWENTO NG PAG-IBIG, PIGHATI, AT PANGARAP

MGA MAY AKDA
Jean Wico • Jayneca Reyes • judy a. pasimio

Inilathala ng
LILAK (Purple Action for Indigenous Women's Rights)
Website: *https://www.lilak.net/*

Copyright © 2026 ni LILAK.
Reserbado ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may akda at tagapaglathala.

Inilimbag sa Pilipinas.

Mga kuwentong isinulat nina Jean Wico, Jayneca Reyes, judy a. pasimio
Katuwang sa pananaliksik sina Pia Salpid, Rachel Tahay, Anisa Wali
Guhit at Kulay ni Aaron Moises Bonete
Disenyo ni Ish Flores

ISBN: 978-621-95339-4-2

Para sa mga komento o suhestyon, makipagugnayan sa commsandmedia.lilak@gmail.com.

"Ang koleksiyon ng mga kuwento na ito ay hindi isang pagbabahagi ng mga datos at numero. Damang dama mo ang emosyon sa bawa't karakter at konteksto. Ang mga letra sa pahina ay nagbibigay hugis at buhay sa mga tunay na karanasan at kuwento ng mga kabataang katutubong kababaihan. Ang bawa't talata, bawa't saknong ay isang repleksyon ng kanilang mga pinagdadaanan, mga pagsubok sa buhay na hinaharap nila, mga karahasan na nararanasan. Pero repleksyon din ng mga kuwento ang kanilang patuloy na pagtatanong, paglaban, pagharap sa mga pagsubok, umibig, at mangarap."

Yol Pasimio- Purugganan
Estudyante, Lifestyle Editor ng Hiraya, Raya School Newsletter

"Matagumpay na ipinakita ng koleksiyon ang mga suliraning panloob ng mga katutubong kababaihan. Inusisa nito ang samu't saring pagkabigo sa pag-ibig at pangarap, trauma sa mga relasyong hindi nila pinili, at epekto ng maagang pag-aasawa.

Inilapat ng mga awtor ang mga indibidwal na kuwento sa kolektibong karanasan ng pang-aabuso at paglaban para sa lupaing ninuno.

Ang resulta ay mas malalim na pag-unawa sa mga karakter at ang mga paraan kung paano nababaluktot ang pagbigkas ng pag-ibig.

Dahil kapwa babae rin ang mga nagsulat ng kuwento, may diin sa alternatibong pag-ibig na sumusuporta sa kapwa babae: ang pag-ibig na matatagpuan sa kolektib, sa mga sakripisyo ng isang ina, sa pagsisikap na mabigyan ng magandang bukas ang babaeng anak."

Iya Gozum
Journalist

"May mga realidad na pinipili nating talikuran kaysa harapin—subalit hindi natin maitatanggi ang mga ito, sapagkat tunay na umiiral at dapat mapakinggan, malaman, at unawain. Matagumpay na nagagawa ito ng koleksiyon ng mga kuwentong tumatalakay sa isyu ng maagang pag-aasawa at pag-aanak sa mga kababaihang katutubo. Mabigat mang lunukin bilang katotohanan ang mga inilalarawang danas sa mga kuwento, niyakap ako ng payak, sinsero, at awtentikong tinig ng mga tauhan. Inilubog ako ng mga naratibo sa mga karanasan ng mga batang babaeng humaharap sa mga hamong mas masalimuot pa kaysa sa marahil ay nalalaman ng karamihan tungkol sa danas ng babae. At ang mas masaklap pang katotohanan: pasilip lamang ang mga kuwentong ito sa marahas nilang realidad.

"Bagaman masalimuot ang mga paksang tinatalakay, malikhaing nailarawan ng mga naratibo ang pananaw ng iba't ibang uri ng babaeng tauhan na kumakatawan sa mga totoong tao: bata, dalaga, at ina. Nakatutulong ang kapayakan ng wika upang lubusang mapakinggan ang mga tinig ng mga babaeng ito, na nagpapakita ng halo-halong ganda, lumbay, pighati, at tagumpay na nakaukit sa kanilang kasaysayan at kultura. Nananalaytay sa bawat kuwento ang patuloy na pangangarap ng mas mabuting kinabukasan, sa kabila ng pagtatangka ng mundo na nakawin ang kakayahang mangarap.

Higit sa ano pa man, ang realisasyon ko sa mga kuwento—patuloy na nangangarap ang kababaihan. Kaya nararapat lamang na sama-sama nating pangarapin at isakatuparan ang mga alternatibong posibilidad para sa kanila."

Maria Iza Reyes
Guro, Manunulat, 2023 Palanca Awardee

PAUNANG SALITA

Mga Tinig ng Pakikibaka, mga Kuwento ng Paglaya

Akin ang karangalan na makapagbigay ng Paunang Salita sa aklat na ito. Ang mga tula at kuwentong matatagpuan sa aklat na ito ay sumasalamin sa araw-araw na buhay at pakikibaka ng mga katutubong kababaihan—sa kanilang mga karanasan ng diskriminasyon, pang-aapi, at karahasan; sa mga pangarap na nililimitahan ng kahirapan at patriyarkal na lipunan; at sa kanilang patuloy na paglaban upang makamit ang dignidad, pagkakapantay-pantay, at tunay na kalayaan.

Sa likod ng bawat salita, taludtod at salaysay ay naroon ang kanilang mga karanasan, tinig, pangarap, at paglaban. Sa bawat tula at kuwento, marami akong naisip at naramdaman—nagalit ako, naiyak, natuwa. At sa bandang huli, pumukaw at nagbigay sa akin ang mga ito ng inspirasyon, pag-asa, at masidhing determinasyon na tuloy-tuloy na lumaban para sa kanila at makibaka para sa lahat.

Mga kwento at tula ito ng buhay ng katutubong kababaihang na hindi lamang nagsisikap na makaahon sa sariling kalagayan, kundi humaharap din sa mga kaugaliang nagkakait sa kanila ng kalayaang magpasya para sa kanilang sarili.

Sa *Ang Kuwe'k sa Panaginip ni Freya*, nasasalamin ang mga suliraning kinakaharap ng katutubong kababaihan—mula sa maagang pag-aasawa at karahasan hanggang sa pakikibaka para sa sariling katawan, kinabukasan, at karapatang pumili.

Sa diwa naman ng *Babaeng Nangangarap Mangarap*, nangingibabaw ang mahalagang tanong: Sino ang may-ari ng pangarap ng isang babae—siya ba mismo, o ang mga taong nagtatakda kung ano ang dapat niyang maging buhay?

Samantala, sa *Sa Ilalim ng Makukulay na Tala*, masusundan natin ang karanasan ni Jona, isang ina at asawa na sa kabila ng bigat ng mga gawaing-bahay, kakulangan sa kabuhayan, at mga alalahanin sa pamilya, ay patuloy na nagsisikap para sa kaniyang mga mahal sa buhay. Sa kaniyang payak na pamumuhay at sa mga sandaling nakararanas siya ng saya, pananabik, at pag-aalinlangan, masisilayan ang isang babaeng may sarili ring mga pangangailangan, damdamin, at pangarap—mga bagay na madaling matabunan ng mga tungkuling ipinapataw sa kaniya ng pamilya at lipunan.

Hindi hiwalay sa mga usaping ito ang mas malawak na pakikibaka ng mga katutubong pamayanan. Ang karapatan sa lupaing ninuno at likas na yaman, ang pagkakaroon ng batayang serbisyong panlipunan, ang katarungan sa klima, at ang pagkilala sa mahalagang papel ng kababaihan sa pangangalaga at pagpapaunlad ng lupa at kalikasan ay magkakaugnay na bahagi ng kanilang paghahangad sa isang makatarungan at mapagpalayang lipunan. Ang pagtatanggol sa lupa ay pagtatanggol din sa buhay, kabuhayan, kultura, pagkakakilanlan, at kinabukasan ng susunod na salinlahi.

Kasabay nito, mariing ipinahahayag ng mga akdang ito ang pangangailangang wakasan ang lahat ng anyo ng karahasan laban sa kababaihan—pisikal, emosyonal, ekonomiko, kultural, at istruktural. Sapagkat hindi ganap ang kalayaan kung ang isang babae ay patuloy na pinagkakaitan ng sariling tinig. Kung ang kaniyang mga pangarap ay kailangang isuko sa ngalan ng mga kaugaliang mapanglimita, o kung ang kaniyang katawan at kinabukasan ay hindi niya sariling pagpapasyahan.

Higit sa pagiging salamin ng paghihirap, ang panitikan ay nagiging daluyan ng paglaban at pagbawi sa tinig na matagal nang isinasantabi. Sa pamamagitan ng tula at kuwento, naipahahayag ang mga katotohanang madalas hindi naririnig, naipakikilala ang mga karanasang hindi nabibigyan ng sapat na pagpapahalaga, at naipamamalas ang lakas ng kababaihang patuloy na nangangarap, kumikilos, at nakikibaka. Sa likod ng bawat indibidwal na salaysay ay ang kolektibong paghahangad ng mga kababaihan at kanilang mga pamayanan na mabuhay nang may kalayaan, katarungan, at dignidad.

Sa pagbasa ng aklat na ito ay hindi lamang natin mauunawaan ang kanilang mga karanasan, kundi matututo rin tayong makinig, kumilala, at makiisa. Mauunawaan din natin na ang ating pakikibaka ay sapin-saping pakikibakang pambansa, para sa uri at para sa kasarian. Naniniwala akong magsisilbi itong paanyayang kuwestiyunin ang mga sistemang nagdudulot ng diskriminasyon at kahirapan, labanan ang mga anyo ng karahasang naglilimita sa kababaihan, at kilalanin ang kanilang mahalagang ambag sa pagtatanggol ng lupa, kalikasan, kultura, at buhay.

Sapagkat ang paglaya ng katutubong kababaihan ay hindi lamang kanilang laban. Bahagi ito ng mas malawak na pakikibaka para sa soberanya, demokrasya at patrimonya upang iluwal ang isang lipunang walang pagsasamantala, walang karahasan, at walang paghadlang sa karapatang mangarap at magpasya para sa sarili. Dahil ang paglaya ng babae ay nagmumula sa paglaya ng kaniyang isip at pag-angkin sa kaniyang katawan at pagpapasya.

Mabuhay ang panitikan ng pakikibaka! Mabuhay ang katutubong kababaihan! Kaisa ‘nyo ako!

Atty. Virgie Lacsa Suarez

Nagbalangkas ng RA 11596 (An Act Preventing the Practice of na Child Marriage Law) at naging bahagi ng Technical Working Group na bumuo ng Implementing Rules and Regulations (IRR) nito.

PAUNANG SALITA

Ang maagang pag-aasawa o early marriage ay isa sa mga isyung kinakaharap ng ilang pamilya at komunidad sa ating lipunan. Sa aming komunidad, may mga kabataang maagang pumasok sa buhay may-asawa dahil sa iba't ibang dahilan tulad ng kakulangan sa kaalaman, impluwensya ng kapaligiran, kahirapan, tradisyon, at hindi inaasahang pagbubuntis.

Ang maagang pag-aasawa ay may malaking epekto sa buhay ng mga kabataan, lalo na sa kanilang edukasyon, kalusugan, emosyonal na kalagayan at kinabukasan. May mga kabataang hindi naipagpapatuloy ang kanilang pag-aaral dahil sa responsibilidad na kaakibat ng pag-aasawa. Dahil dito, mahalagang maunawaan natin ang mga dahilan at epekto ng early marriage upang makahanap ng mga paraan kung paano ito maiiwasan.

Sa pamamagitan ng mga kuwentong ito na nagmula sa dokumentasyon, nais naming ipaalam ang pananaw at karanasan ng mga tao sa aming komunidad tungkol sa maagang pag-aasawa. Layunin din naming magbigay ng kamalayan sa mga kabataan tungkol sa kahalagahan ng edukasyon, tamang pagpapasya, at paghahanda bago pumasok sa buhay may-asawa. Umaasa kami na ang pag-aaral na ito ay makatutulong upang magkaroon ng mas maliwanag at magandang kinabukasan ang bawat kabataan.


Janica Obing
Kababaihang Dulangan Manobo
Nag-asawa noong siya ay 17 taong gulang

Babala sa Nilalaman

Ang mga kuwento sa aklat na ito ay naglalaman ng mga paglalarawan ng maseselang tema, sekswal na karanasan, at katatakutan na nagmula sa mga salaysay ng mga katutubong kabataang kababaihan.

Pinapayuhan ang patnubay at pag-iingat mula sa mambabasa.


Melanie



Sa Ilalim ng mga Makukulay na Tala

Jean Wico

Nagmamadaling umuwi sa bahay si Melanie. Matulin ngunit maingat na tinatahak ng kaniyang maliliit pang paa ang maputik na daan pabalik sa kanilang tahanan. Takot itong madapa, at mas lalong takot itong madumihan ang bagong bili niyang puting medyas na mahigpit na ibinilin sa kanya ng ina.

Hindi naman kalayuan ang kanilang tirahan mula sa paaralan. Tanaw pa sa bintana ng kanilang salas ang matayog na bandilang kailangan tingnan ni Melanie tuwing kakanta ng *Lupang Hinirang* sa umaga. Mula naman sa eskuwelahan, kaya niyang ituro ang payak nilang tahanan sa kukote ng burol. Kailangan lang sigurong bahagyang aninagin ang bahay mula sa malayo para makita ito.

Kasisimula pa lang ni Melanie sa Grade 1 noong Hunyo, magtatatlong buwan pa lang ang nakalilipas. Galak na galak siya sa pagpasok sa eskuwelahan dahil matututo na siyang magbasa. Isa pa, nasasabik siya dahil ang pag-aaral ang isa sa mga kailangan niyang matapos para maintindihan ang ilang usapan ng kaniyang mga magulang. Pinapapasok kasi si Melanie sa kuwarto kapag may importanteng pag-uusapan ang mga magulang.

Bakit hindi ako kasali? Lagi nilang sinasabi na usapang pang-matanda lang daw 'yon at huwag daw akong makialam, reklamo ni Melanie sa kaniyang isipan. Kailan ba siya maituturing na matanda? Kapag marunong na siyang magbasa at sumulat? Kapag umabot na ba siya ng Grade 6, tulad ng inabot ng kaniyang ina? Kapag magaling na rin ba siyang magluto?

Nang makarating sa kanilang bakod, agad siyang dumiretso sa kusina. Liban sa tanghali na at nagugutom na siya, mayroon siyang mahalagang tanong na gustong ipaabot sa ina.

May kulimlim ang langit dala ng biglang pag-iyak nito kagabi. Ipinagpapasalamat ito ni Jona dahil may iniwan itong mga ulap na sumasangga sa mainit na sikat ng araw. May kaunti ring dalang lamig ang ihip ng hangin, kaya hindi ganoon kaalinsangan ang pakiramdam niya habang nagluluto ng tanghalian.

Ganito ang karaniwang gawi ng buhay may-bahay ni Jona. Paikot-ikot sa loob, labas, gilid, ibabaw—isama mo na rin ang ilalim ng bahay. Wala naman siyang ibang gagawin kung hindi asikasuhin ang kanilang mumunting tahanan habang nasa *uma* si Tonyo at nasa eskuwelahan si Melanie.

Kung may mga pagtitipon naman ang mga kababaihan, pumupunta siya sa kanilang *tribal hall*. Sa mga ganitong pagpupulong ibinabahagi ng kanilang mga lider ang mahahalagang balita sa komunidad. Bilang isang may-bahay, isa ito sa kaniyang mga tungkulin—dumalo, makinig, at magbahagi ng mga napag-usapan sa kaniyang *kesasawaay* na abala sa *uma* buong araw.

Higit pa lalo sa susunod na buwan, siguradong magsasabay na sila ni Melanie sa pag-uwi dahil bahagi si Jona sa paghahanda para sa selebrasyon ng *Indigenous Peoples' Day*. Ang mga kababaihan kasi ang nangunguna sa pagbuo ng mga aktibidad at programa para sa buong buwan ng Oktubre.

Ang mabagal at tahimik na umaga ang isa sa mga makabuluhang parte ng araw ni Jona Nakakapag-isip siya nang malayo at malaya—walang utos ng asawa, pakiusap ng anak. Walang pagpipigil sa kung saan man dalhin ng hangin at mga humihuning ibon ang kaniyang kamalayan. Isa ito sa mga itinuturing niyang kayamanan; isang luho kung tutuusin.

Kadalasan ay hindi na kailangan pang dumaan sa tainga ni Jona ang mga kalampag at ingay dahil nagmumula na mismo ito sa kaniyang isipan: *Paubos na ang bigas. Wala na ring sabon panlaba. Nasira ng malakas na ulan ang aming bubong. Kailangan ko ng malaking karayom para matahi ko ang natastas na pantalon ni Tonyo. Kasya kaya ang kita niya ngayong buwan? Anong oras na naman siya uuwi? Aabot ba sila sa curfew? Mahigpit pa naman ang mga guwardiya ng plantasyon, baka masarahan sila ng gate. Paano kung hindi makauwi si Tonyo? Paano kaya ang utang namin kay Ate Nely pang-diesel? Nakakahiya at hindi pa kami nakapag-hulog, masakit ang tiyan ko*—at walang katapusang mga tanong at tahi-tahing pag-iisip. May maisagot man, mapapalitan lang din ito ng panibagong problema.

Marami sa mga iniisip ni Jona ay hindi agad—o hindi talaga—nabibigyang-linaw. Sabi nga ni Jona minsan sa asawa, hindi naman niya natutunan sa elementarya kung paano bumuo at bumuhay ng isang pamilya.

Ano nga ba ang malay ng noong disisais anyos na babae?

Kahit may agam-agam, kampante naman siyang pumasok sa pag-aasawa dahil magaling siyang magluto at marunong sa gawaing-bahay. Nag-alaga rin naman siya ng dalawang nakababatang kapatid noong siya ay nasa poder pa ng mga magulang.

Panatag rin siya sa piling ni Tonyo dahil liban sa masipag ito at lubos silang nagmamahalan, may tiwala si Jona sa karunungan ng *kesasawaay* dahil pitong taon ang tanda nito sa kanya nang sila ay magkakilala't ikasal.

Ngunit minsan sa katahimikan, bigla pa ring natutulala ang babae at napapaisip: *Ang pagiging maalam lang ba sa bahay ang kailangan sa pagbuo ng isang pamilya? Sapat na bang kahandaan iyon para maging isang ulirang ina? Nararapat na ba akong matawag na mabuting asawa? Handa ba ako noong pinasok ko ang pag-aasawa noong disisais ako? At mas may muwang na ba talaga ako ngayong bente kwatro na ako?*

❤

Natanaw ni Jona sa malayo ang kulay lila na backpack ng anak. Bahagyang nakataas ang dalawang braso nito, maingat na binabaybay ang gilid ng kalsada para umiwas sa mga lusak na inukit ng mga dumadaang habal-habal.

Senyales na ito ng pagtatapos ng kaniyang panandaliang kahinahunan. *Siguradong gutom na 'to*. Narinig niya ang mga yapak ni Melanie, papalapit nang papalapit. Paulit-ulit rin ang pagtawag nito sa kanya, palakas nang palakas.

"Nay, nay!" hanggang makapasok ito sa kusina at agad na umupo sa kawayang bangko na gawa ng kaniyang tatay.

Suot pa ni Melanie ang paldang uniporme na kulay asul. Kahit pawisan, tikwas ang mga baby bangs at tagilid na ang tali nito sa buhok. Ang unang sumagi sa isip ni Jona: *Mana talaga sa tatay, nagiging gasuklay ang mata kapag sobra ang ngiti at napaka-talim ng pisngi.*

Walang paligoy-ligoy, dagling tinanong ni Melanie, "Nay, paano kayo nagkakilala ni tatay?"

Saglit na lumukot ang noo ni Jona. "Bakit mo naman biglang natanong?"

Agad na nagkuwento ang bata kung paano napag-usapan ng mga kalaro sa eskuwelahan ang istoryang pag-ibig ng kanilang mga magulang. Walang tigil itong nagsasalita kahit na sumasagi sa bibig nito ang bimpong ipinampupunas ni Jona sa pawis ng bata.

Ang nakuha ni Jona, nagyayabangan ang mga bata sa kung sino ang may pinakamagandang kuwento. Tingin niya ang ilan pa sa mga nabanggit ng anak na mga salaysay ay lumampas na sa katotohanan. *Saan ka naman hahanap ng isang daang rosas dito sa sitio?*

Ngumuso si Jona sa lagayan ng mga plato at kubyertos, na agad naintindihan ni Melanie. Magaling rin sa gawaing bahay ang bata dahil kapag walang pasok, lagi itong nakabuntot sa ina para tumulong. Tumayo ang bata habang patuloy na nagsasalita. Aliw na aliw si Jona sa pagkasabik nito sa mga kuwentong narinig mula sa mga kaibigan.

Natawa si Jona habang pinakikinggan ang mga kuwento ng anak. Abala siya sa paghahanap ng pinakamalamang parte ng karne sa niluto niyang *Tenabel Manok*. Paborito ito ng mag-ama kaya ito ang niluto ni Jona ngayong Lunes—para masaya ang bungad nila sa bagong linggo.

Matapos mag-sandok para sa kanilang dalawa, umupo ito sa harapan ng anak at pinagbigyan sa kaniyang kagustuhang marinig ang kuwento.

❤

Kasing liwanag ng mga bituin ang mga pailaw na isinabit sa kisame ng covered court. Mas maliwanag pa nga ito sa silaw ng buwan, kung tutuusin. Binubulabog din ng malakas na tugtugin ang katahimikan ng gabi, tila dumadagundong na puso. *Tugs. Tugs. Tugs. Tugs.*

Nakabestida't kolorete si Jona, pati ang matatalik niyang mga kaibigan na sina Anna, Rina, at Merlyn. Sama-sama silang dadalo sa baylehan sa kanilang sitio. Ikinasal kasi ang anak ni Manoy Rodel, at ang araw na ito ay ilan sa minsang pagkakataon na makapagbihis nang magarbo at magsayaw sa ilalim ng mga iba't ibang kulay ng ilaw ang magkakaibigan.

Kalahati sa mga bisita ay dayo mula sa kabilang sitio, kaya sabik ang mga dalaga na makakilala ng mga bagong kaibigan (o káibigan, pang-aasar nga ng mga kasama ni Jona).

Dahil rin nagsasara ang daan papasok sa lugar nina Jona, karamihan sa mga dayo ay makikitulog lang sa mga kakilala sa sitio. Hindi na kasi sila makadadaan sa sinakop na kalsada ng plantasyon dahil sa pinatutupad na *curfew* mula alas-singko ng hapon hanggang alas-singko ng madaling araw.

Naaalala ni Jona na isa ang *curfew* sa mga reklamo ng kaniyang mga magulang. Abala kasi ito sa mga magsasakang kailangang maagang ibagsak ang ani sa bayan para maibenta lahat.

Isa itong misteryo para kay Jona. *Bakit ba kasi may kapangyarihan ang plantasyon na mag-angkin ng bahagi ng lupain ng tribo at magpataw ng curfew? Nawawalan tuloy kami ng daanan.*

Para sa iba naman, biyaya ang *curfew* dahil napapahaba nito ang oras na magkasama ang mga magkasintahan na malayo sa isa't isa— tulad nina Anna at Rina na may mga *uyab* na mula pa sa ibang barangay. Dito sila nagkikita sa baylehan. Tanging si Jona at Merlyn na lang ang walang uyab, kaya napagkasunduang ipakilala ang dalawa sa mga kalalakihang naroon.

Unang beses ni Jona na pumunta sa *baylehan*. Kaya kahit anong lamig ang dala ng gabi, hindi niya mapigilan ang pagpapawis ng kaniyang mga palad na kanina pa niya ipinupunas sa bestidang kulay asul. *Adal lang ang alam kong sayawin!* Minsan pa ay napapapikit si Jona sa maliliwanag na ilaw na dumadaan sa kaniyang mga mata.

Hindi niya gaano maaninag ang mga tao, pero may mga pailan-ilan siyang nakikilala sa mga pagkakataong hindi siya nasisilaw. Hatak-hatak siya nina Rina habang sinusuyod ang kumpol ng mga tao sa gitna ng court para hanapin ang sasamahang grupo.

Tugs. Tugs. Tugs. Tugs.

Bawat hakbang, bawat taong nasasagi, bawat aninag ng mga mukha, lalong nagpapawis ang kamay ni Jona. Parang gusto niyang magtago sa kaba at magpalamon sa lupaing ninunong inaapakan niya.

“Ayun!” Biglang sigaw ni Anna at huminto sila sa paglalakad. May kinawayan si Anna. *Mukhang nahanap na nila.*

Nang iangat ni Jona ang kaniyang ulo, nakita niya ang isang lalaking nakatitig na sa kaniya. Mapungay ang kaniyang mga mata. May kasingkitan.

Tugs.

Nakasuot ang lalaki ng polo shirt na hapit sa katawan. Baka nga medyo maliit pa, dahil may pagkabitin ito sa bandang pulso. Mula balikat hanggang braso, napatampok ng maling sukat ng damit ang hugis ng katawan nito. Hindi masabi ni Jona kung asul din ba ang kulay ng polo ng lalaki, pareho ng kaniyang bestida—o nakukulayan lang ng mga ilaw sa disco.

Tugs. Tugs.

Hindi kilala ni Jona ang lalaki pero malakas na ang kutob niyang hindi na niya malilimutan ang mukhang ‘yun—matalim ang panga, maumbok ang mga pisngi kapag nakangiti, at ang lalong sumisingkit na mata habang tumatawa. Lalong nakakahumaling ang makapal at mapula niyang mga labi.

Tugs. Tugs. Tugs.

Habang naglalakad ang lalaki palapit nang palapit kina Jona, lalo ring lumalakas ang tugtog sa disco. Tugtog nga ba ‘yun o kabog ng dibdib?

Tugs. Tugs. Tugs. Tugs.

Pagtigil ng lalaki sa kaniyang harapan, nag-abot ito ng kamay at nagpakilala. “Antonio nga pala. P’wede ring Tonyo, kung nahahabaan ka.”

Tugs. Tugs. Tugs. Tugs. Tugs.

Hindi na maalala ni Jona kung nagtagpo ba ang kanilang mga palad, o kung nabanggit niya ba ang kaniyang buong pangalan. Basta, ramdam niya lang ang malakas na pintig ng puso. Puso niya ba ‘yun o ‘yung tugtog? *Ah basta!* Hindi na niya alam. Umuwi si Jona na abot-langit ang ngiti. Pakiramdam niya ay dinala siya ng mga alitaptap pabalik sa kanilang bahay sa gaan ng kaniyang mga yapak.

Hanggang hatinggabi, hawak-hawak ni Jona ang kaniyang *cellphone,* paulit-ulit na binabasa ang text sa kanya ng nakilalang binata matapos magpalitan ng numero,

Good night, Jona. Ang ganda mo kanina. Swerte akong nakilala kita. Sana magkita ulit tayo bukas bago ako umuwi :)



“Nay parang pareho lang kayo ng kuwento ng mama at papa ni Maymay eh,” bigkas ni Melanie na tila dismayado sa mga narinig. Paano niya nga naman ipagyayabang ito sa mga kaklase kung pareho lang ang kuwento sa mga nabanggit na? “*Sa baylehan* din nagkakilala ang mga magulang niya!”

Napangiti lang si Jona sa inosenteng reaksyon ng kaniyang anak. Habang pinanonood ni Jona ang kaniyang anak, hindi niya mapigilan ang pagkamangha sa buhay na nabuo nila ni Tonyo na nagsimula lang sa isang titigan sa disco. Suwerte rin si Jona dahil masayahin at responsableng anak pala ang kapalit ng kaniyang matinding pagbubuntis.

Hindi na rin napigilan ni Jona na magbalik-tanaw kung paano siya tumangis habang nanganganak dahil sa hirap at hindi maipaliwanag na sakit. Idagdag pa ang ilang kilometrong daan na kailangan nilang tahakin para lang madala siya sa paanakan.

Ang ibang luha niya siguro noong mga panahon na 'yon ay porma ng pakikiisa sa mga sakripisyo ng kaniyang ina *(lima kaya kaming magkakapatid!)*, at iba pang mga kababaihan. Buhay pala ang kapalit ng isa pang buhay, laking gulat niya. Dahil kung tatanungin si Jona noong dalaga pa siya, hindi sumagi sa isip niya ang pag-aasawa, higit lalo ang pag-aanak.

❤

Bitbit ang lumang *backpack*, mabagal na naglalakad si Tonyo pauwi sa bahay. Mula sa *uma*, sumabay si Tonyo sa kaniyang kaibigan pauwi, at bumaba pagkalagpas lang ng *tribal hall*. Binabawasan na ni Tonyo ang paggamit ng sariling motor para makatipid sa diesel. Kung wala naman siya gaanong bitbit, nakikisakay na lang siya sa mga habal-habal.

Sa kaniyang paglalakad, dumapo ang mata ni Tonyo sa matayog at madahon na puno ng akasya. Madalas na itong tambayan ng mga ka-sitio para magpahinga, lasapin ang simoy ng hangin, at makipagtagpo ang magkakaibigan at *mag-uyab*. Isa pang rason ng pagdagsa ng tao sa may akasya ay dahil malakas ang signal ng *mobile data* at abot ang *piso wifi* nina Manong Jun.

Personal ang pagkagiliw ni Tonyo sa akasya. Sa ilalim kasi ng mga sanga't dahon nito nabuo ang maraming masasayang ala-ala nilang mag-asawa noong sila ay mag-*uyab* pa lamang. Puno ng pagmamahal, pangako, at pangarap.

Hindi mapigilan ni Tonyo na ngumiti. Hinayaan niya ang kaniyang isip na magbalik-tanaw sa pinakatinatanging alaala nila ni Jona sa ilalim ng puno.

❤

Pasipol-sipol habang nakasandal sa ilalim ng matayog na puno ng akasya si Tonyo, naghihintay kay Jona. Day off ngayon ng binata at naisipang sorpresahin at bisitahin ang dalaga sa kanilang sitio.

Dito na ang naging tagpuan ni Tonyo at Jona matapos ang kanilang unang pagkikita sa baylehan. Nagkamabutihan ang dalawa matapos ang tuloy-tuloy na palitan ng text. Nagsimula sa simpleng batian sa umaga, kuwentuhan ng kanilang gawain sa pang araw-araw at mga bagay na ayaw at gusto, hanggang sa lumalim ito sa mga usapin tungkol sa kanilang mga mithiin, suliranin, mga nilalaman ng kanilang isip at damdamin na hindi nila maibahagi sa ibang tao. Kahit mas bata ng pitong-taon sa kaniya si Jona, hindi dama ni Tonyo ang pagitan sa lalim at lawak ng pag-iisip ng dalaga.

Sa apat na buwan nilang pagkakakilala, limang beses pa lang din silang nagkita. Si Tonyo kasi ay nagtatrabaho sa bayan—halos dalawang oras mula sa sitio nila Jona. Napadpad lang ito sa kanilang lugar noong gabi ng baylehan dahil kaibigan ni Tonyo ang ikinasal. *Buti talaga pumunta ako sa baylehan!* Laking pasasalamat nito.

Kahit kalmado tingnan ang binata, malakas ang bugso ng damdamin nito. Kanina pa niya hindi mapigilan ang pag-alog ng kaniyang mga binti. Pawis na pawis rin ang lalaki sa kaba. Binabagabag siya ng mga kung anu-anong kaisipan: *Okay lang kaya ang pagkakapomada ko sa buhok ko? Baka nasira na ng hangin ang buhok ko! Paano kung may tinga ako? Tinikman ko pa naman 'yung pinya, baka may hiblang naiwan sa ngipin ko. Okay na kaya ang tamis ng mga prutas na dala ko?*

Nang masulyapan ang pinakahihintay sa malayo, agad tumayo si Tonyo nang diretso. Mabilisan niyang inamoy ang suot na polo shirt para siguraduhing amoy bulaklak pa rin siya. Habang pinagmamasdan ni Tonyo ang mabilis na paglalakad ng dalaga, hindi niya mapigilan ang abot-langit na ngiti.

Hindi siya makapaniwala na posible pala bumilis nang ganoon ang tibok ng kaniyang puso. Ilang beses niyang tinapik ang dibdib, nagmamadaling pakalmahin ang mga dagundong nito. Ayaw niyang magmukhang malambot sa harap ng pinakamagandang dilag na nakilala niya.

Habang palapit nang palapit ang dalaga, tila nalimutan na rin ng katawan ni Tonyo kung paano huminga. Ang malambot na buhok ni Jona ay marahang nahuhulog mula sa pagkakatali, tila hinihikayat si Tonyo na suklayin ito gamit ang kaniyang mga daliri. Ang blusang suot ng dalaga ay yumayakap sa mga kurba nitong nakahuhumaling. May kaunting basa sa laylayan, ngunit alam ni Tonyo na sanhi ito ng pagiging maalaga at responsableng anak at kapatid ni Jona.

Walang kapintas-pintas. Napakaganda at napakabait ni Jona. Sa mga panahong iyon, walang ibang gustong gawin si Tonyo kundi hawakan ang kamay nito habambuhay. Handa siyang ipangako ang araw, buwan, at mga tala kay Jona, makuha lang ang dalaga.

Sa hapong iyon, nabuo ang loob ni Tonyo. Walang kahit na anong bahid ng pagdadalawang-isip: *Si Jona na ang gusto kong makasama sa panghabang-buhay*.

Wala na akong panahon na sasayangin.

❤

Mahimbing ang tulog ni Melanie sa tabi ni Jona, yakap-yakap ang librong *Abakada* na bigay ng ama. Tinutulungan ni Jona ang kaniyang anak pagdating sa tamang pagbigkas at tunog ng mga letra. Kahit gustong-gustong matutong magbasa ng bata, wala itong laban sa banayad na haplos ng hangin na pumapasok sa kanilang bintana.

Mula pa noong bata, hilig na talaga ni Jona ang magsulat, magbasa, magsaulo ng mga inaaral sa eskuwelahan. Kahit pa ang mga banyagang salita na nakikita niyang nakapaskil sa kanilang komunidad, pinipilit rin niyang intindihin: *Danger! Heavy Machineries. No Trespassing. Entry into Private Property is Prohibited. Worksite Closed. Pest Monitoring Notice. Caution: Chemical Application. Curfew Hours: Checkpoint Gate Closes at 5:00 PM to 5:00 AM*.

Nagkalat ang mga ganitong karatula nang magsimula ang operasyon ng plantasyon sa loob ng kanilang lupaing ninuno. Madalas itong makita ni Jona kapag dadaan sa boundary ng kanilang sitio at sa lupaing tinataniman ng mga punong *oil palm*. *Checkpoint gate*, matitinik na mga alambre, at mga guwardiyang may mahahabang baril lamang ang naghahati sa sitio at sa lupaing sinakop ng plantasyon.

Natural lang kay Jona ang pag-aaral at pagtuturo. Maliban sa may angking galing siya dito, dati rin siyang nagsilbing pangalawang guro ng mga nakababatang kapatid dahil abala ang kanilang mga magulang sa uma. Hindi man banggitin ni Jona, isa ring rason kaya malapit sa puso niya ang pagtuturo sa anak ay dahil minsan niyang pinangarap maging isang titser.

Minsan kapag nasa harap si Jona ng salamin at tinititigan ang sarili, hindi niya mapigilang isipin kung ano kaya ang itsura niya suot ang unipormeng pangguro na nakikita niya sa tuwing sinusundo si Melanie sa eskuwelahan. May ilang beses na pinupusód niya nang mahigpit ang kaniyang buhok upang tulungan ang mapanglikha niyang isip: *Ganito kaya ang itsura ko tuwing magtuturo ako sa harap ng marahan-aralan? Bagay kaya sa akin ang kulay berdeng blusa na suot ng ibang guro? Ano kaya ang paksang ituturo ko? Masaya kaya akong nakatayo sa harap ng aking mga estudyante? Paano kaya kung pinili kong hindi—*



Hindi masundan ng isipan ni Jona ang mga nangyayari sa kaniyang paligid. Malakas ang kabog ng kaniyang dibdib, at hindi rin niya mapigilan ang panginginig ng kaniyang mga kamay.

Anong nangyayari?

Parang kanina lang ay kasama niya ang mga nakababatang kapatid, nagsasalok ng tubig sa poso. Plano niya lang sanang maligo dahil sa init ng panahon. Ngayon ay nasorpresa siya dahil sa kanilang mumunting sala, nakaupo ang kaniyang ama at ina, si Tonyo at ang mga magulang nito.

Anong nangyayari?

"Magandang araw po. Ako po si Tonyo, kasintahan po ni Jona. Salamat po sa pagpapatuloy ninyo. Nandito po ako para hingin ang kamay ng inyong anak. Gusto ko na po siyang pakasalan."

Gulong-gulo ang isip ni Jona. Hindi niya nasusundan ang kanilang mga usapan. Kita niya ang pagbukas-sara ng mga bibig nila pero halo-halo ang tunog na kaniyang naririnig– ang nanginginig na boses ni Tonyo, ang malalim na boses ng kaniyang ama, at ang tahimik na paghikbi ng ina. Kasabay pa nito ang halinghing ng kabayo na kasalukuyang nasa labas ng kanilang bahay.

Paikot-ikot rin ang mata ni Jona sa kaniyang paligid: sa mga supot ng mga regalo sa kaniyang harapan, pati na rin sa kape at mga kakanin na hindi ginagalaw.

Anong nangyayari?

"Sana po ay sapat ang mga dala kong sunggod para ipakita, o higitan pa ang tumbas ng anak 'nyo. Alam ko po na masipag at responsable siya. Handa po akong gawin ang lahat para kay Jona. Hindi ko po siya pababayaan. Bibigyan ko po siya ng maginhawang buhay."

At dahil hindi lubos na mapagtanto ni Jona ang mga nangyayari, walang salita o kahit na anong tunog ang lumabas sa kaniyang mga labi.

Hindi na alam ng kaniyang katawan kung ano ang uunahin. Ang pagpapawis at panginginig ba ng kaniyang mga kamay dahil sa kaba o pagkasabik? Ang bahagyang pagluluha ba ng mata niya ay dahil sa tuwa o sa kalungkutan? Ang malakas ba na kabog ng kaniyang damdamin ay dahil sa kilig o sa takot? Ang kunot ba ng kaniyang noo ay dala ba ng kalituhan o galit?

Ano ba ang nangyayari?!

Kalmado lang ang ama ni Jona. Para bang walang kakaibang nagaganap sa kanilang tahanan. Bagamat matikas ang dating, may kalungkutan na nadarama ang ama dahil sa nababadyang pag-alis sa kanilang poder ng nag-iisang anak na babae.

Pero mayroon ding dalang kaginhawaan ang mungkahing pag-aasawa ng Ilonggo na nobyo ni Jona. Mayroon nang maglalaan ng kanilang buong pagmamahal at pag-aari sa anak. Hindi na magtitiis si Jona sa katiting na kita nilang mag-asawa na pinaghahatian ng limang anak.

Kung tutuusin, kitang-kita rin ng mga magulang ni Jona ang pagpapahalaga ng binata sa kanilang dalaga. Kahit hindi bahagi ng tribo si Tonyo, sumunod pa rin ito sa kanilang mga kaugalian at nagdala ng mga *sunggod* na naaayon sa kanilang kultura.

Biruin mo, buong-puso rin ang kagustuhan ng binata na ilaan ang katawan nito sa pagsasaka sa lupain ng pamilya nila. Handa niyang iwan ang buhay niya sa bayan para sa payak na pamumuhay sa sitio.

Namumuo na ang mga butil ng luha sa sulok ng mata ni Jona. Nanginginig na rin ang kaniyang ibabang labi. Pakiramdam niya ay sobrang bilis ng mga nangyayari at hindi niya ito kayang sabayan. Parang gawa sa tubig ang hangin at nalulunod na siya. Hindi niya alam kung saan at paano magsisimula sa dami ng gusto niyang sabihin.

Alam naman niya na nais siyang pakasalan ni Tonyo. Napag-usapan na nila ito noong huling magkita at paulit-ulit na rin itong lumalabas sa kanilang mga *text messages*. Kung babalikan ang kanilang mga pag-uusap, puno ng pangarap at pag-asa kapag kinabukasan na ang kanilang pinag-uusapan.

Hindi lang inaasahan ng dalaga na ganito kabilis. *Halos anim na buwan pa lang kaming magkakilala*. Noong mga panahong nangangarap siya ng buhay na kasama si Tonyo, ang imahe ng sariling natatanaw niya ay naka blusang berde at naka pusód.

Sa dami ng tumatakbo sa isipan ni Jona, isa lang ang nasambit ng disisais anyos na dalaga, “Teka lang, Tonyo. Parang hindi pa ako handa.” Mula sa binata, ibinaling niya ang tingin patungo sa ama at ina, naghihintay ng kanilang reaksyon.

Lalong bumigat ang pakiramdam ni Jona sa pag-alis ng mga bisita. Hindi natuldukan ang pag-uusap sa pagitan ng dalawang pamilya. Hiling na rin ito ng ama ni Jona para mabigyan sila ng oras na mag-usap nang masinsinan.

Kahit wala na si Tonyo sa kanilang bahay, paulit-ulit na umaalingawngaw sa tainga ni Jona ang pagmamakaawa ng binata bago lumisan. “Hindi ko na kayang mawalay sa’yo, Jona. Kung hindi kita mapapangasawa, mabuti pang bigyan ko na nang wakas ang paghihirap ko kesa mabuhay ako nang wala ka.”

Sa dapit-hapon, sinubukang kausapin si Jona ng kaniyang ama para intindihin ang pagdadalawang-isip nito. Dito na nagsimulang tumulo ang luha ni Jona.

Sa bawat hikbi at patangis ng dalaga, sinubukan niyang ibahagi sa mga magulang ang kagustuhan niyang ipagpatuloy ang pag-aaral, ang pangarap niyang makapagtapos sa kolehiyo, at maging isang magaling na guro sa bayan.

Kahit maginhawang buhay ang pangakong dala ni Tonyo, nagdadalamhati si Jona dahil baka katumbas nito ang tuluyang kamatayan ng kaniyang mga pangarap. At baka bago dumating ang panibagong araw ay kailangan niya na itong paglamayan at ihimlay.



Kinagabihan, hindi mapakali si Jona sa kanilang banig. Hirap itong makatulog dahil sa dami ng mga bumabagabag sa kaniyang puso at isip. Kaya kahit lagpas hating-gabi na, dahan-dahan siyang bumangon at umalis sa tabi ng kaniyang ina at lumabas ng kanilang tahanan.

Nakapalumbaba ang dalaga sa harap ng kanilang bahay, kasing-layo ng mga matitingkad na bituin ang titig sa langit. Medyo maulap ang kalangitan kaya pasilip-silip lang ang mga palamuti sa langit.

Kasabay ng mga buntong-hininga ang labis na pagtataka kung bakit hirap na hirap siyang tanggapin ang alok ni Tonyo: tapat at tunay na pagmamahal.

Kung tutuusin, labis ang pagpapasalamat ni Jona dahil mayroon siyang *uyab* na handang isakripisyo ang sarili para patunayan ang kaniyang pagmamahal. Higit sa lahat, mayroon ding pagpapahalaga ang binata sa pamilya ni Jona at sa kanilang *uma*.

Ganitong klaseng pag-ibig ang kinalakihan ni Jona mula sa kaniyang mga lolo at lola, ama at ina, hanggang sa kanilang magkakapatid. Ang pagtutulungan sa uma at pag-aalaga sa isa’t isa ang paraan ng pagpapakita nila ng pag-ibig. Hindi kailangang bigkasin dahil ramdam sa bawat kilos.

Mukhang ganoon din naman si Tonyo. Kaya din naman itong iparamdam ni Tonyo.

Unti-unting luminaw ang kalawakan, kasabay ang pagliwanag ng paligid dala ng buong paglitaw ng buwan. Lumitaw na rin ang mga bituin sa langit na tila kumikindat sa dalaga.

Bahagyang tumikas ang postura ng dalaga. Pakiramdam niya ay napawi ang mga alinlangan.

Kasabay ng huni ng mga kuliglig ang mahinang boses ni Jona na kinakausap ang sarili. “Masipag, maginoo, at responsable naman si Tonyo. May itsura pa! Kaya ko lang naman gustong makapagtapos sa pag-aaral ay para guminhawa ang buhay namin. Kung ‘yun din naman ang intensyon ni Tonyo sa pagpapakasal namin, e di wala rin namang mawawala! At saka gusto ko rin naman siyang makasama.”

Napagtanto rin ni Jona na baka maging sanhi pa ng kaniyang kaparusahan kung magiging dahilan siya ng pagkitil ng isang tao sa sarili nitong buhay.

Bumalik si Jona sa banig at humiga sa tabi ng ina. Niyakap niya ang ina at tinandayan. Tanggap na ni Jona na bilang na lang ang mga araw niya sa loob ng kinalakihang tahanan.

Nabasag ang daloy ng isipan ni Jona nang marinig ang pagbukas ng kanilang pinto. Dahan-dahan itong tumayo mula sa kama para salubungin ang pag-uwi ng kaniyang *kesasawaay*. *Siguradong pagod ito dahil ilang oras itong nakabilad sa uma.*

Paglabas niya sa kanilang silid, bumungad ang pawisan at namumulang likuran ni Tonyo. Sa kabila ng tuwa at pasasalamat na nararamdaman ni Jona dahil ligtas na nakauwi ang asawa, naaawa ito sa patuloy na pagsasakripisyo niya para buhayin ang kanilang pamilya.

Hindi man perpekto ang kanilang pagsasama, mahalaga kay Jona na patuloy ang pananagutan ni Tonyo sa kanya bilang *kesasawaay*, at mahal na mahal nito ang kanilang anak.

Tahimik na naglakad si Jona sa kusina upang paghandaan ang asawa ng maiinom na tubig. Kung normal na araw lang ito, may kasama sanang paglalambing ang pagsalubong niya kay Tonyo ngunit naalala niya ang tampo niya sa asawa kahapon. *Pupunta-punta sa baylehan nang hindi nagsasabi.*

Inilapag niya ang baso ng tubig sa harap ni Tonyo, at muling nagtungo sa kusina upang ipagsandok ito ng pagkain. May kaunting pagmamaktol ang pagbubukas-sara ni Jona ng takip ng kawali. Dahan-dahan niyang sinabawan ang kanin ni Tonyo. Hinanap at nilagyan niya ng mga paboritong parte ng manok.

Bago pa matapos ni Jona ang paghahanda, nakaramdam siya ng dalawang matikas na brasong dahan-dahang yumakap mula sa likod. Hindi na niya ito ikinagulat dahil kabisado na niya ang paraan ni Tonyo na manuyo. *Alam niya sigurong masama ang loob ko sa kanya.*

“Sorry na, mahal,” depensa ni Tonyo. “Gusto ko lang naman magsaya kasama ang mga pinsan ko. Araw-araw akong nasa *uma*, kagabi lang naman ulit ako nagliwaliw. At saka nandoon din naman ang kapatid mo, wala akong kinausap o kahit tiningnan na ibang babae.

“Nakausap ko rin doon si Ate Nely, pwede raw natin siyang bayaran sa isang buwan, ‘yung dalawang libo,” dagdag pa nito. “Naikuwento ko na kinapos tayo dahil matumal ang ani natin.”

Ibinaba ni Jona ang plato at hinarap si Tonyo. Sa totoo lang, hindi naman ang pambababae at pagpunta sa disco ang pinaka-ikinagalit ni Jona (kaunti lang siguro).

Ang ayaw niya ay ginagabi si Tonyo sa labas dahil maaari itong abutan ng curfew at hindi makauwi sa kanilang tahanan. Magkakalayo pa naman ang mga bahay sa kanilang lugar. Paano kung may mangyari kay Tonyo? Paano na lang kung may mangyari sa kanilang mag-ina? Hindi mapigilan ni Jona ang nerbyos at takot. Dahil sino ba ang matatakbuhan nila kapag lumubog na ang araw at nababalot na ng dilim ang kanilang lugar?

Naiintindihan din ni Jona ang pangangailangan ng asawa na magsaya at magpahinga. Ngunit may kaunting kirot sa puso ni Jona nang maisip kung masyado bang mabigat ang mga pasanin nilang mag-asawa. Hindi ba sapat ang pagsalo ni Jona sa mga gawaing-bahay upang pagaanin ito?

Napawi naman agad ang galit ni Jona nang makita ang pagsisisi ni Tonyo. Kung tutuusin, maliit lang ang tampuhan na ito at marami pa siyang kailangan na isangguni dito–mula sa bubong ng kanilang bahay, utang kay Ate Nely, pati ang hindi pagdating ng buwanang dalaw ni Jona.



Sa loob ng kuwarto, unti-unting naalimpungatan si Melanie mula sa pagkakatulog. Agad niyang napansin na wala ang ina sa tabi, kaya nagmamadali siyang nag-inat at bumangon. Habang hinahanap ang isang pares ng tsinelas sa ilalim ng kama, narinig niya ang dalawang boses na nag-uusap sa labas ng kwarto.

Ayan na naman, isip ni Melanie. Hindi na naman siya kasali sa usapang matanda. *Ano ba ang pinag-uusapan ng mga matatanda at bakit hindi ko 'to puwedeng marinig? May tinatago ba sila sa akin?*

Kahit nagtatampo, nasabik si Melanie nang mapagtantong nakauwi na ang ama niya. Hindi niya kasi ito nakatabi matulog kagabi. Lalong nagmadali ang bata na isuot ang kabilang pares ng tsinelas at maingat na naglakad.

Dahan-dahang hinawi ang kurtina, at kaniyang naaninag ang ama at inang nakatayo sa harap ng hapag-kainan. Bahagyang nakakunot ang noo ng ina, habang malayo ang titig ng ama. May sinambit muli ang ina na nasundan ng malalim na buntong-hininga ng ama. Wala na itong sinagot, at inabot na lamang ang kaliwang kamay ng asawa.

Naglakad si Melanie papalapit sa dalawa, nagbabakasakali na malaman kung ano ang pinaguusapan ng kaniyang mga magulang. Nang malingat ang ina sa kaniya, agad niyang binitawan ang kamay ni Tonyo at ngumiti kay Melanie. Tinawag ni Jona si Melanie at sumenyas na bumati ito sa ama. Paglapit, hindi na napigilan ni Melanie ang pag-uusisa sa usapan ng mga magulang.

Masuyong tinitingnan ni Jona ang mag-amang maglambingan. Hanggang ngayon ay kinukulit pa rin ni Melanie ang kanyang amang na sabihin kung anong pinag-uusapan nila. Hindi niya mapigilang matawa sa kakulitan ng anak. Hindi niya maintindihan ang kagustuhan ni Melanie na malaman ang kanilang mga problema.

Kung si Jona nga lang ang tatanungin, ayaw niya sanang malaman ni Melanie ang mga problema nilang pamilya. Bilang ina, hinihiling niya na sana hindi na isipin ni Melanie ang kung ano man ang bumabagabag sa kanila ni Tonyo. Sana ay wala itong ibang iintindihin kundi maging bata, habang bata. At sa paglaki nito, sana ay hindi na kasing bigat ang mga pasanin niya tulad ng sa kanya.

Iniangat ni Jona ang kamay at inilapat ito sa ulo ni Melanie. Sa abot ng kaniyang makakaya, kahit ano pa ang kapalit, handa si Jona na ibigay ang lahat para sa kaniyang anak. Kahit pa ang buhay, pangarap, at kinabukasan niya. Hindi pa man nabibigay ni Tonyo sa kaniya ang tala at buwan, handa siyang sungkitin ito para sa kaginhawaan ng kanilang anak.

Malay mo, kapag humanay ang makukulay na mga tala at umayon ang bukas sa amin, makapag-pusód at berdeng blusa ang aking anak. Matikas na nakatayo sa isang silid at tinitingala nang marami, tulad ng pinapangarap ko.



Ang Kuwe'k sa Panaginip ni Freya

Jayneca Reyes

Freya

Malalim na ang gabi. Tahimik na rin ang paligid at ang tanging tunog na naririnig mula sa labas ay ang huni ng mga kuliglig at ng mga palakang baka. Humiga ako upang maghanda nang matulog. Ngunit bigla na lamang nawala ang mga pamilyar na tunog mula sa mga hayop sa labas ng bahay. Nakakabingi ang katahimikan. Napalitan ito ng napakabilis na kabog ng aking dibdib.

Isa. Dalawa. Tatlo. Una kong naamoy ang halimuyak ng hinog na tsiko.

Nariyan na siya.

Hangin. Kailangan ko ng hangin. Sunod kong narinig ang marahang yabag, at ang kaluskos sa kawayang sahig.

Nariyan na siya.

Hangin. Hindi ako makahinga. Mahigpit kong niyakap ang aking sarili.

Nariyan na siya.

Sumilip ako sa labas ng aking kulambo. Sa may paanan ko, naaninag ko ang madilim nitong anino.

Nariyan na siya!

Bigla akong nagising mula sa aking panaginip. Hinga. Hinugot ko ang isang napakalalim na hinga.

Ngayong gabi, muli akong dinalaw ng Kuwe'k sa aking panaginip.

Edeng Tata

Narinig ko na naman si Freya kaninang madaling araw. Marahil ay dinalaw na naman siya ng Kuwe'k sa kaniyang panaginip. Apat na buwan na rin siyang binabangungot. Ang kuwento niya sa akin ay paminsan-minsan lang daw ito nangyayari. Ngunit sa apat na buwan niyang nakatira rito sa amin, gabi-gabi ko itong naririnig.

Sa aming probinsiya, Kuwe'k ang tawag namin sa mga nilalang na nagkukubli sa dilim upang maghasik ng takot at kababalaghan sa komunidad.

Mamaya ay tatanungin ko siya. Sa ngayon ay kailangan ko muna magtungo sa tribal hall para asikasuhin ang mga paghahanda para sa mga inaasahan naming bisita. Kailangan ding magpulong ng mga kababaihan sa komunidad at pag-usapan paano makatutugon sa mga patayang nangyayari sa aming mga sitio. May isa na naman kasing lider ang pinatay dahil sa pakikipaglaban namin para sa lupaing ninuno.

Sanay na akong makarinig ng galit, pagkadismaya, at lungkot sa ganitong mga pagpupulong. Marami na rin sa aming mga kasama ang nawalan ng pag-asa sa mga ipinaglalaban namin bilang isang tribo. Marahil ay dala rin ito ng matinding takot, at kawalan ng suporta.

"Fiyo ge'fuen, Edeng Tata." Bati ng mga batang maliliit pagpasok ko sa tribal hall.

"Nayoy de edeng gom de?" Bati ko naman sa kanila.

Sanay na ako sa mga batang nakikisali o sumisilip sa aming mga pagpupulong. Bata pa lamang ako, isinasama na rin ako ng aking ina sa mga ganitong pagtitipon. Nang lumaki, tumutulong na rin ako sa pag-asikaso sa mga bisita, paghuhugas ng mga pinggan. Kung minsan ay kalahok na rin ako noon sa mga workshop. Kalaunan, ito na rin talaga ang pinili kong gawain.

"Kumusta ang bata sa iyo?" tanong ng aking kasamahang si Leklek habang nagpapapirma ng attendance.

"Hindi pa rin nagkukuwento si Freya," sagot ko kay Leklek. "Pero panay ang mga bangungot."

"Sabagay. Mahirap din siguro sa bata ang magkuwento. Hayaan mo na lang muna siya."

Dumating ang mga kababaihan at nagpatuloy ang aming pulong. Bitbit ng mga nanay ang maliliit pang mga sanggol habang sinusubukang makinig nang mabuti sa aming pinag-uusapan. Marami sa kababaihan sa aming komunidad ay nagsimula sa ganito. Sa paglipas ng panahon, ang pagiging ina ay nadadala rin sa mga gawaing pangkomunidad—pagbabadyet, pagdodokumento, pakikipag-usap, at pakikipagmedya. Bahagi ng aming gawain sa komunidad ang palakasin ang kapasidad ng mga kabataan, lalo ng mga kabataang babae.

Freya

Umalis si Edeng Tata para dumalo sa isang pagpupulong. Ang kaniyang panganay na anak na si Tata ay pumapasok sa eskuwela kaya madalas akong naiiwan na mag-isa dito sa kaniyang bahay.

Madalas din ay sisimulan ko ang umaga sa pag-inom ng mainit na kape. Nakakatatlong baso ako ng mainit na kape sa umaga lalo na kapag fulbus kafe na galing sa Menubo ang gamit.

"Dahan-dahan at baka hindi ka na makatulog niyan," puna ni Edeng Tata minsan, habang kumakain kami ng almusal.

Gumagaan kasi ang aking pakiramdam kapag nakakainom ng mainit na kape sa umaga. Marahil, madalas akong magising mula sa masamang panaginip. Kumakalma ako at mas nakakahinga.

Tumutulong ako sa gawaing bahay. Nagwawalis sa loob ng bahay at sa bakuran. Susundan ng pagluluto ng tanghalian.

Pumupunta sa tindahan ni Ate Marlyn para makinood at makitawa sa palabas sa telebisyon.

Sabi ng mga kalahok sa palabas: "Pagkain?" "Hindi."

"Lugar?" "Pwede!" sagot ko habang nakikisali sa larong *Pinoy Henyo*. "Galingan mo dahil sayang ang payb k!" komento ni Ate Marlyn. Sa hapon ay sisimulan ko naman ang pagluluto ng hapunan.

Minsan habang naglilinis, nakita ko ang mga litrato ni Edeng Tata noong kabataan pa siya. May katabi siyang lalaking hindi ko kilala, at may karga siyang sanggol. Matagal kong tinitigan ang litrato.

"Si Tata 'yun ng isang taon gulang at ang tatay niya," sabi ni Edeng Tata habang nakatitig ako sa litrato. Bakas ang murang edad ni Edeng Tata sa imahe. Maaga daw siyang nakapag-asawa at nagkaanak.

"Kinausap ang tatay ko at may dalang *flasa,* isang kalabaw at 9,000 pesos."

Sabagay, labinlimang taong gulang na ang panganay niyang anak na si Tata. Samantalang siya ay tatlumpu't dalawa na ngayon. Hindi ko na siya tinanong kung ilang taon siya nang ipinanganak si Tata.

Sa nakalipas na apat na buwan, ito na ang nakagawian ko lalo't kapag naiiwan akong mag-isa sa bahay ni Edeng Tata. Mas kampante na akong kumilos sa bahay niya ngayon kumpara dati. Noon kasi ay natatakot akong may magawang mali. Baka ibalik ako ni Edeng Tata sa aming sitio.

Edeng Tata

Habang nasa biyahe sakay ng jeep pauwi sa amin ay narinig ko ang anunsiyo sa radyo.

"Hindi aalisin ni Pangulong Duterte ang batas militar sa Mindanao. Ito ang kaniyang pahayag bago ang kaniyang State of the Nation Address.

Ayon sa Pangulo, ang anumang desisyon sa pag-alis ng martial law sa Mindanao ay naka-base sa desisyon ng mga pulis at militar. Matatandaang ito na ang pangatlong extension ng batas militar matapos itong ideklara noong 2017..."

Inabot na ng gabi ang aming pagpupulong at wala pa ring malinaw na sagot kung paano namin maprotektahan ang mga kababaihan at mga lider sa aming komunidad. Sumagi sa isip ko si Freya. Apat na buwan na siyang nasa pangangalaga ko, at apat na buwan na rin siyang gabi-gabing binabangungot. Noong minsan ay tinanong niya ako tungkol sa litrato na nakita niya. Bata pa ako sa litrato. Labinlima? Labimpito? Hindi ko na matandaan...

"Bakit, may gusto ka bang itanong?" sabi ko kay Freya. Umiling lamang siya. Ngumiti ako at nagpatuloy sa paglalagay ng bigas sa tefaya. Alam kong hindi iyon totoo.

Maaga akong nanganak. Sa katunayan hatinggabi iyon at pilit akong binitbit pababa sa paanakan dahil bawal na raw manganak sa bahay. Kaso sa layo ng paanakan ay sa daan na ako inabutan. Karaniwan na sa amin ang mga ganitong istorya. Manganganak ka ng bata habang ikaw ay bata. Kaakibat nito ay ang pagdami rin ang mga obligasyon sa loob ng bahay at pamilya.

Hindi ko naman kasi inasahang susulpot na lang ang lalaking iyon sa bahay na nagnanais ako'y kaniyang maging katipan. At dahil hindi namin kayang ibalik ang katumbas na halaga ng dowry na kaniyang dala ay napilitan ang aking ama na ipagkaloob sa kaniya ang aking kamay. Napagtanto ko na hindi lamang pala kamay ang kanilang ipinagkaloob. Kasama nito ang buhay na hindi ko pinili para sa aking sarili. Sa unang gabi ng aming pagsasama ay inangkin niya ako bilang asawa.

Si Freya kaya? Ano ang balak niyang gawin? Sabi ko sa kanya ay pwede siyang magpatuloy sa pag-aaral. Ipapasok ko siya sa elementarya. 'Yun din naman ang mainam na gawin lalo't bata pa siya. Ngunit sa ngayon ay hindi ko pa alam kung ano ang gusto niya. Hindi ko rin muna siya pinipilit na bigyan ako ng sagot gayong mahirap sa bata ang gumawa ng mga desisyong magdidikta ng kaniyang kinabukasan. Kung hindi ko man nagawang piliin ang sarili kong kinabukasan noon, sana magkaroon ang mga kagaya ni Freya ng pagkakataong piliin ang kanila.

Freya

Hindi ko alam kung paano ko sasabihin kay Edeng Tata na gusto ko pa sanang mag-aral. Gusto ko pa nga ba? Kung mag-aral man ako ulit, makatapos kaya ako? Kung hindi rin naman, huwag na lang.

Mahirap mag-aral. Pumapasok ako noon sa paaralan nang walang pagkain at walang baon. Madalas din akong lumiban sa klase dahil sumasali ako sa arawan para magkaroon ng perang pambaon at makatulong sa gastusin sa bahay. Isang daan at limampung piso kasi ang kinikita ko noon sa maisan. Bilad sa araw sa buong umaga pero hindi ko naman mapupulot ang perang kikitain. Kaya madalas akong wala sa paaralan. Hindi iyon naiintindihan ng aking guro. Hindi niya alam kung bakit palagi akong wala sa klase. Kalaunan, kahit gusto ko pang mag-aral ay nahirapan na rin akong makasunod sa mga leksiyon at modyul. Ang sabi ng mga magulang ko, tumigil na lang sa pag-aaral para tumulong sa bukid. Akala ko noon ay mas malaki ang aming kikitain kapag nagtrabaho na lang ako. Pero mas humirap pa ang buhay namin.

Habang nakikinood ako ng telebisyon sa tindahan, naririnig ko ang ingay ng mga batang naglalaro sa kabilang bakuran. Kung anu-ano ang kanilang ginagawa, ‘yung iba nagsasayaw. Baka raw sumikat sa TikTok. Hindi ko naman alam ang mga sinasabi nila. Habang patuloy akong nanonood ng palabas sa telebisyon ay may kakaibang amoy na sumisingaw sa paligid. Pamilyar ang amoy.

Aaa...aa...amoy ng tsiko? Ngunit...nananaginip ba ako?

Bigla akong tumayo. Nawala ang ingay ng mga bata at ang mga boses mula sa telebisyon. Nakakabingi ang katahimikan. Napalingon ako sa paligid, nawalan ng pokus, at dahan-dahang lumalabo ang aking paningin. Nakakasulasok ang amoy. Naglaho si Ate Marlyn sa kaniyang pwesto. Hindi ko na maaninag ang mga batang naglalaro. Nasaan ang mga tao?

Kumaripas ako ng takbo pabalik sa bahay ni Edeng Tata. Pagkapasok sa loob ay agad kong sinara ang pinto at nagtago sa ilalim ng kumot.

Hinabol ko ang aking paghinga. Pilit kong ikinakalma ang aking sarili hanggang sa marinig ko ang pagbubukas ng pinto at ang marahang boses ni Edang Tata.

“Freya? Nandiyan ka ba?”

May pag-aalala sa tanong. May nais akong sabihin sa kanya, ngunit natatakot ako na hindi ako paniwalaan.

“Opo.”

Edeng Tata

“Marlyn, sasama ka ba sa pagpupulong sa makalawa?” tanong ko kay Marlyn habang bumibili ng pansinigang sa kaniyang tindahan. “Nagpapatawag kasi ng pulong ang isang women’s organization para sa mga informal worker.

Magdo-dokumento daw sila ng mga karanasan at benepisyo na nakukuha ng mga manggagawa.” Walang pasok ngayong araw. Ipagluluto ko ang aking anak ng kaniyang paboritong sabaw.

“Hindi na muna ate at ayaw akong payagan ng asawa ko,” sabi ni Marlyn. “Alam mo naman, ang ganda ganda ko kasi.”

“Ay kailan ka ba pinayagan niyang asawa mo,” pabirong singil ko sa kaniya. “Kulang na lang ay itago ka sa mundo. Hindi ka na namin nakakasama.”

Napakaseloso naman kasi ng asawa ni Marlyn. Lahat na yata ng lalaki ay pinag-isipan ng masama. Minsan ay umabot pa sa pisikal ang pagseselos at pag-aaway ng dalawa. Minsan na ring namagitan ang mga fagilidan. Sila ang aming mga tagapangasiwa sa mga isyu ng komunidad na may kinalaman sa mga pagtatalo ng mag-asawa at ng mga magkaka-pamilya. Nais na nga sanang hiwalayan ni Marlyn ang kaniyang asawa at dadalhin na sana namin ito sa barangay. Nagmakaawa lang ang lalaki na huwag siyang iwanan at nangakong magbabago na. Kalaunan ay pinatawad niya ang lalaki, at umuwi silang may bukol at pasa sa mukha si Marlyn.

Hindi ko pa rin maintindihan kung paano niya nagawang magpatawad. Pero sino ba naman ako para husgahan ang desisyon niya.

“Subukan ko Edeng,” sabi ni Marlyn. “Eh pero teka, kumusta ang alaga mo d’yan?”

“Mas ikaw nga ang tatanungin ko gayong lagi siyang nandito sa tindahan mo para makinood ng palabas.”

“Hindi na nga naglalagi rito sa tindahan. Isang linggo na. Pero noong paminsan-minsan, nagkuwento naman tungkol sa sarili niya. Tsaka alam mo pansin ko lang, magugulatin,” natatawang sinabi ni Marlyn. “Alam mo ‘yang batang ‘yan mahilig ding makinig sa tsismis.

Eh alam mo naman itong asawa ko minsan may ugali. Hindi mapigilan ang bunganga. Tinawag ako sa loob ng bahay kaya't iniwan ko siya saglit dito sa tindahan. Natakot yata sa asawa ko."

Napatingin ako kay Marlyn at napatigil. Tumingin siya sa akin at marahang tumango.

"Basta Edeng, kung may kailangan siya, sabihan mo lang ako."

Hindi na ako kumibo. Hindi ko na rin tinanong bakit mapula ang kaniyang pisngi, bakit may sugat sa gilid ng kaniyang labi. Alam kong may mga bagay na hindi kailangan sabihin para mapansin.

Freya

Tahimik. Tanging ang mabilis na pintig ng aking dibdib ang aking nararamdaman, at ang amoy ng hinog na tsiko. Biglang nanginig ang aking katawan, at lumamig ang aking mga palad. Narinig ko ang marahang pagkaskas sa sahig. Papalapit nang papalapit. May gumagapang sa aking mga binti. Mahigpit ang hawak ko sa kumot.

"Huwag kang titingin," sabi ko sa aking sarili. "Huwag kang titingin."

Dahan-dahan kong inaangat ang aking ulo. Naaninag ko ang kaniyang anino sa labas ng aking kulambo.

Paulit-ulit kong ibinubulong sa aking sarili na huwag tumingin.

Sumilip ako sa awang ng aking kumot. Hinawi ng anino ang kulambo, ipinulupot ang mahahabang daliri nito sa gilid ng aking banig. Naramdaman ko ang malamig na mga galamay sa aking binti. Unti-unti nitong iniangat ang kaniyang ulo hanggang sa magkita ang aming mga mata.

Nariyan siya. Nakatitig siya sa akin.

Iniwas ko ang aking tingin.

Nariyan pa siya. Nakatitig siya sa akin.

Edeng Tata

"Freya? Freya!"

Umuungol si Freya, naninigas ang buong katawan. Nakaangat ang ulo na para bang inaabot ang hangin. Inalog ko ang katawan niya para gisingin.

Sinalubong ako ng matinding takot pagdilat ng mata ni Freya. Hindi ako nagsalita. Hinintay kong bumalik sa kaniyang sarili. Naramdaman ko ang paghinahon ng kaniyang paghinga. Tinignan ko ang orasan. Alas-kwatro ng umaga.

Lubos akong nag-aalala dahil mas lumalala na ang mga bangungot niya. Ilang beses ko na siyang naririnig na umuungol habang tulog, na para bang humihingi siya ng saklolo sa kaniyang mga panaginip.

Hindi ko na napigilan ang aking sarili at nagtanong ako muli kay Freya.

"Freya, nais mo bang sabihin sa akin kung ano ang bumabagabag sa iyo?"

Hindi siya sumagot. Ngunit sana ay hindi naman niya masamain ang aking pag-aalala.

"Muli ka na naman bang dinalaw ng Kuwe'k?"

Marahan siyang tumango.

"Edeng Tata." Humikbi lamang si Freya.

Freya

Nagising ako sa malakas na boses ni Edeng Tata. Siya ang una akong nakita pagdilat ko. Bakas sa kaniyang mukha ang pag-aalala. Tinanong niya ako kung ano ang nakikita ko sa aking mga panaginip.

Ayaw ko siyang bigyan ng paglalarawan ng mga tagpuan namin ng Kuwe'k sa panaginip. Baka hindi siya maniwala. Ayaw ko ring pangalanan ang aking takot. Ayaw kong bigyan ng hugis at mukha ang aking mga bangungot.

Ayaw kong aminin ang mga nasaksihan ko sa aming sitio at sa komunidad namin.

Ayaw kong sabihin na nakita ko ang pambubugbog kay Ate Marlyn. Ayaw kong maalala na noong huling gabi ko sa aming bahay ay narinig ko ang puwersahang pakikipagniig ng aking ama sa aking ina habang nagmamakaawa ito...

"Tama na, walo na ang ating anak. Hindi na natin kayang magdagdag ng isa pa."

Ayaw ko ring maalala ang huling sinabi sa akin ng ina noong madaling araw na ibinalot niya ang kaniyang sarili sa malong at tumalon sa talon. Iniasa ang kaniyang buhay sa rumaragasang tubig.

"Tiis lang, anak," sabi niya. "Tapos na ang aking pagtitiis."

Hindi ko lubos na maintindihan ang mga sinabi niya noon. Magmula noon ay isa-isa kaming ibinigay ng aming ama sa mga nagnanais na kami ay asawahin. Nauna ang aking nakatatandang kapatid na babae. Sumunod ang isa pa. Ako ang huli.

Ayaw kong balikan ang kutsilyong nakatutok sa aking leeg habang ako ay tumatangging makipagtalik.

"Yawa! Ayoko. Ayoko!"

Ako ba'y binabangungot pa rin, o binabangungot habang gising?

Edeng Tata

Pinuntahan ako ni Leklek sa aming bahay para bigyan ako ng update tungkol sa mga kasong pang-aabuso na aming na-dokumento. Hindi rin maiwasan ni Leklek ang magkuwento tungkol sa nangyari kay Marlyn.

Matapos ko siyang imbitahan noon, sumama si Marlyn sa pagpupulong namin. Pag-uwi niya ay binugbog siya ng kaniyang asawa. Tila napuno na rin si Marlyn noong gabing iyon at tumakbo siya sa *fagilidan* para humingi ng tulong. Nanindigan ang *fagilidan* na dalhin na ito sa pulis. Sinamahan siya ni Leklek para magsampa ng pormal na demanda sa istasyon.

Ilang araw nang walang tao sa bahay nina Marlyn.

"Yawa nga asawa. Hindi na natuto. Tama 'yan at dapat nang bigyan ng leksiyon. Aba't nakikipagtawaran pa nga ang ina. Kawawa naman daw ang kaniyang anak na lalaki kung ipakukulong. Eh sinabihan ko si Marlyn ang mas lalong kawawa."

Sinabihan ko si Leklek na hinaan ang boses sapagkat baka marinig ni Freya ang aming pinaguusapan.

"Hindi dapat pumayag sa ganoon," bulong ni Leklek. Naka-ilang seminar na rin iyan si Marlyn tungkol sa karapatan. Ngayon lang naglakas ng loob."

Tama naman si Leklek, pero hindi ko rin masisi si Marlyn. Sa haba ng panahon ng kanilang pagsasama ay napaniwala niya ang kaniyang sarili na ang away mag-asawa ay dapat manatili sa mag-asawa. Hindi madaling lumabas sa isang relasyon na nakasanayan na.

Maging ako ay matagal ding nakawala sa inakala kong maayos na pagsasama. Ang turo sa amin, kung sino ang iyong magiging katipan, dapat siya na ang iyong kasama sa hirap at ginhawa hanggang sa iyong kamatayan. 'Yan ang nakasanayan namin.

Mahirap makarinig ng mga panghuhusga sa mga tao, at higit na mahirap ang muling magsimula mula sa umpisa.

Tiis lang. Magbabago rin siya.

Tiis lang.

Tiis.

Freya

Naririnig ko ang huni ng mga kuliglig sa labas. Sariwa ang gabi ngunit nakakapanindig-balahibo ang hangin. Nararamdaman ko ang presensya ng Kuwe'k, ngunit taliwas sa aking mga panaginip, wala ang amoy ng hinog na tsiko. Naririnig ko ang lahat ng hayop sa paligid. Wala akong naririnig na tunog ng marahang yabag sa kahoy na sahig. Pero nararamdaman ko siya. Nandito ang Kuwe'k.

Sinipat ko ang aking paligid. Tingin sa kanan, kaliwa. Lumingon sa aking likuran. Tingin sa harap. Sinilip ko ang labas ng bintana. Madilim ang lugar. Bumalik ako sa aking pagkakahiga.

Narito na ang Kuwe'k.

Kaharap ko siya. Nakatitig sa akin ang nanlilisik nitong mga mata.

Naramdaman ko ang pagtangis ko ngunit walang luhang lumalabas. Naramdaman ko ang pagkalas ng aking katawan sa aking kaluluwa. Ngunit hindi ako makagalaw. Naramdaman ko ang nagsisitayuang balahibo sa aking mga binti, ang paglamig ng aking talampakan at palad. Sinunggaban ako ng Kuwe'k sa aking mga braso at dinaganan. Nagpupumiglas ako. Hindi umaalis ang kaniyang mga nanlilisik na mata. Sumisigaw ako, ngunit walang tunog na lumalabas sa aking bibig.

Pilit kong tinatanggal ang aking mga binti sa kaniyang mabigat na katawan. Ibinuhos ko ang aking natitirang lakas para makawala sa Kuwe'k.

Sinubukan kong tumakas ngunit hindi ko matapatan ang kaniyang kakaibang lakas.

Naramdaman ko na lang ang mainit na tubig na dumadaloy sa gitna ng aking hita. Nagising ako mula sa bangungot. Naihi ako sa aking salawal.

Isa na namang bangungot.

Bangungot.

Gising na kaya si Edeng Tata?

Edeng Tata

"Edeng Tata?"

Sambit ni Freya habang naghuhugas ako ng mga pinagkainan.

"Bakit?"

Tumigil ako sa ginagawa ko at hinarap siya. Matagal siyang natahimik bago nagsimulang magsalita. Matapos banlawan ang aking mga kamay, umupo ako malapit sa hapag kainan. Pinipili pa niya ang mga salitang sasabihin.

"Edeng Tata."

Hindi pa man lubusang nagsasalita ay bumuhos na ang mga luha ng bata.

Freya

Ito ang kuwento ko kay Edeng Tata. Ipinagkasundo ako ng aking ama sa isang lalaking hindi ko kilala matapos mamatay ang aming ina. Disisais lang ako habang trenta naman ang lalaki. Dahil tutol ako sa kagustuhan ng aking ama, lumayas ako sa aming bahay para magtago.

Kinupkop ako ng ilang araw ng aming kapitbahay. Hindi nagtagal, nahanap ako ng aking ama at sinabing kapag hindi ako pumayag na mapangasawa ang lalaki ay baka mapahamak siya at ang iba ko pang mga kapatid.

“Hindi ko na rin naman kayo lahat kayang buhayin. Mas mainam ang sumama ka sa kanya para may magaalaga na sa’yo.”

Wala na rin akong nagawa kundi ang sumama sa lalaki. Tatlong buwan kaming nagsama bago ako nabuntis. Ngunit habang lumalaki ang aking tiyan ay unti-unti ring nagbago ang ugali ng lalaking iyon. Naging pabaya ito at mapang-abuso sa akin. Madalas itong umuwi mula sa bukid nang lasing at amoy tsiko. Lagi siyang galit. Pagod daw sa maghapong pagtatrabaho at laging ako ang pinagbubuntungan ng galit at init ng ulo.

“Madalas niya akong pinipilit makipagtalik. Pinipilit niya ako, pero ayaw ko... Kapag hindi ako pumapayag, tinututukan niya ako ng kutsilyo sa leeg.”

Ipinagbubuntis ko ang dalawang buwang sanggol noon. Nagsumbong ako sa aking pamilya at sa pamilya ng lalaki ngunit sa settlement lang ito nauwi at pinagsama pa rin kami.

Edeng Tata

Sa apat na buwan ng pangangalaga ko kay Freya, ngayon ko lamang tunay na napansin ang kaniyang kamusmusan. Ang bawat salitang lumalabas sa kaniyang bibig ay tila isang sumbong na matagal nang kinimkim—mga salitang ngayon lang nagkaroon ng pagkakataong kumawala.

Kalaunan ay nakunan siya. Nang ito ay nalaman ng mga *fagilidan* ay inalis namin siya sa bahay ng lalaki at sa sitio.

Kinupkop ko siya sapagkat wala rin siyang ibang mapupuntahan. Gaya niya, marami pang batang babae ang nasa ganitong sitwasyon.

Isa sa matinding dahilan ay ang matinding kahirapan na nararanasan sa mga malalayong komunidad, at ang kawalan ng suporta sa aming mga katutubo.

Tuloy-tuloy ang pag-agos ng mga luha ni Freya. Doon ko nasaksihan ang mga luhang noon pa niya pinipigilan.

“Maraming Kuwe’k sa ating paligid,” sabi ni Freya.

Noong gabing iyon, tahimik lamang akong nakinig.

Sa aking pagtulog, tahimik din akong humikbi.

Freya

Narinig ko ang huni ng mga ibon sa labas. Hindi ko pa man iminumulat ang aking mga mata ay dama ko na ang sinag ng araw mula sa bintana. Idinilat ko ang aking mga mata. Mahinahon ang aking paghinga. Magaan ang aking pakiramdam. Naamoy ko ang simoy ng hangin. Hindi ako naghahabol ng hininga.

Hindi ako dinalaw ng Kuwe’k sa panaginip.

Inayos ko ang aking higaan. Paglabas ko ng kwarto, naghahanda na ng almusal si Edeng Tata habang nakikinig sa radyo.

Nagtungo ako bakuran para walisin ang mga nalaglag na tuyong dahon. Tinanaw ko ang tindahan ni Ate Marlyn. Hindi na siya bumalik sa kanilang bahay. Ilang linggo na ring sarado ang kanilang tindahan.

Ang narinig ko mula sa pag-uusap nina Edeng Tata at Ate Leklek ay nakakulong daw ang asawa nito sa bayan. Binitbit ni Ate Marlyn ang kanilang mga anak sa kabilang sitio kung saan nakatira ang kaniyang mga magulang. Mukhang doon na muna sila titira. Aaminin ko na na-mi-miss ko ang pakikipagtawanan kay Ate Marlyn habang nanonood ng telebisyon. Nakatulong sa akin ang presensya niya at magiliw na pakikipag-usap para bumalik sa dating normal na pamumuhay. Kung tutuusin, halos pareho pala kami ng pinagdaanan ni Ate Marlyn.

Edeng Tata

"Natapos na ang batas militar sa Mindanao sa pagpasok ng taong 2020. Ayon sa tagapagsalita ng Pangulo, nakamit na ang layunin ng batas militar na lupigin ang mga terorista," sabi sa ulat sa radyo.

Tinawag ko si Freya para pagsaluhan namin ang nilagang saging at balinghoy, pritong itlog, at mainit na kape ngayong umaga.

"Gusto mo bang gawing puto itong natirang balinghoy?" tanong ko kay Freya.

"Mas masarap kung sinugba."

"Sige, manghingi tayo ng pang sugba mamaya kay Leklek."

Habang kumakain kami ni Freya, may kumatok sa pinto.

"Sino 'yan?" Walang sagot.

Tumayo ako para silipin kung sino ang nasa labas. Bago ko tuluyang buksan ang pinto ay tumingin ako kay Freya.

Freya

Hinigop ko ang mainit na kape. Maya-maya ay muli kong naamoy ang hinog na tsiko. Pero hindi malakas ang amoy tulad ng dati. Hindi rin nanahimik ang paligid ng kagaya sa aking mga panaginip.

Kumakabog ang aking dibdib. Nakaramdam ako ng takot.

Napalingon ako sa pinto. Nakaabang ako sa kung sino ang nasa kabila ng pinto . Nakita ko ang isang pamilyar na mukha. Nagtapat ang aming tingin. Hindi umaalis ang mga mata niya sa akin.

Ibinaling ko ang aking tingin kay Edeng Tata. Panatag at kalmado ang kaniyang tingin sa akin. Naalala ko ang mukha ni Edeng Tata mula sa lumang litrato.n. Musmos lang din siya noon, may bitbit na sanggol. Naisip ko, kung kinaya niya, siguro ay kakayanin ko rin.

Ramdam ko pa rin ang takot. Ngunit sa pagkakataong ito muli akong tumingin sa lalaking nasa pintuan.

Hindi na ako muling umiwas ng tingin.





Babaeng Nangangarap Mangarap

judy a. pasimio

Ano ba ang pangarap?
Pareho ba sila ng panaginip?
Hindi ba't ang panaginip ay
para sa tulog,
At ang pangarap ay sa mga
gising,
'Di makatulog sa kakaisip
Paano abutin ang mga
pangarap.

Tayong lahat ay may
pangarap
Isa, dalawa, o higit pa.
Iba man ang katawagan o
pagkakakilala –
Ito ay panaginip ng gising,
mga sana.

Keye' Gafit sa Taboli
Ungaya sa Dulangan Manobo
Fengonoyen sa Teduray at
Lambangian

Ang pangarap ay tila bisita
Na hindi inaasahan
Dumadalaw kapag tahimik
Kapag nag-iisa.

MARIA

1. Lumuhod ka, sa aking
paanan
Tila naghahandog ng yaman,
ng mga pinitas na tala
Sa kalangitan.
Pero ang nasa isip ko
Itatayo ka pa ba
ng maganit mong tuhod
O kailangan mo ako
bilang iyong tungkod?

Pero sige na nga,
Nagkasundo na kayo nina
Nanay-ye
Nagkaabutan na ng dowry
Aasa na lang ako
Na ang mga pangako
Na kaginhawaan ay tunay.
Siguro naman hindi mo ako
sasaktan
Siguro naman hindi mo ako
lolokohin.
Kaya, sige na nga,
Mahal na rin kita.

Sana.

ELENA

2. 'Di ko alam kung bakit,
Sa hi-hello mo pa lang,
naramdaman ko na
Ikaw na aking text mate
Ang kokontra sa aking barang
Batang nagkaroon ng bata
Hindi alam ang
gagawin
Pero kailangan,
kailangan, harapin.

Dumating ang text mo,
Binura ang mga lumang text
niya
Sinagot kita, tara.
Kaya sana mag-text back ka
Sige na
Handa na ulit ako
Umibig, umasa.

Sana.



Paano inaabot ang pangarap?

Gaano kataimtim ang pagdarasal?
Dapat ba may ialay bilang kapalit ng katuparan nito?
Ilang manok? Ilang linepet*?
Ilang kandila sa simbahan ang dapat sindihan?
Matupad ka lamang.



MARIEL

3. Napapapikit ang aking mga mata –
Matatamis na halik
Dampi ng mga labi
Banayad na mga haplos
Doon, dyan, at kung saan

Pero teka, teka
Nagiging padaskol-daskol na
Ang iyong mga kamay.
Ang iyong mga palad,
Magaspang na sa aking balat.
Aray, nasasaktan na ako!
Ang iyong hininga
Tila asupre.

Binuksan ko ang aking mga mata
Sinalubong ng ‘yong panlilisik
Muli kong pinikit
At nasambit,
Sige na, matatapos din ito.

Sana.

MICHELLE

4. Masaya kami
magkwentuhan
Kung ano-ano lang, tawanan
Ang mukha niya, sarap titigan
Mga mata niya, hay, talaga
naman...

‘Pag kami ang magkasama
Hindi ko ramdam na bata ako
Hindi rin halata na hindi na
siya bata
Basta, masaya, at sabi naman
nila
Wala sa edad, kung pag-ibig,
pag-ibig talaga.

At talagang masaya kami.
Minsan parang bata kami sa
saya
Pero teka
May nangyayari sa aking
katawan
Nagsusuka, nahihilo
Ang tiyan mas nagiging
bilugan.

Pero teka
Isang beses lang naman kami
Natulog nang magkasama
Teka, Grade 10 palang ako.
Teka, bata pa ako.
Teka...

Kung alam ko lang,
Na kahit pag-ibig, tunay man ito
Ay hindi laru-laru lang.
Na ang bata ay puwedeng
magkabata.

Na ang bata ay isang malaking
responsibilidad
Lalo pa’t sa isang batang tulad ko.
Sana kayanin ko ito–
Ang hirap, ang takot.

Sana.



Kaya bang balikan pa ang pangarap
Kung ito ay naiwan na?
Andyan pa kaya ito?
Naghihintay?

ROSA

5. Nang magkita kami
Parang huminto ang paligid
Naging malinaw ang bukas.
Mahal ko siya, mahal niya ako.
At alam ko ‘yon,
Kahit sabi nila wala pa akong muwang.

Pero tila pati buhay ko ay huminto.
Hindi na ako nakapasok sa eskuwela.
Huminto rin ang aking pagkabata.
Iba pala ang buhay may-asawa.

Ang pangako noon
ay masayang bukas.
Masaya naman ako,
masaya naman kami.
Lalo na noong may bata,
At may isa pa.

Masayang mahirap.
Mahirap kasi mahirap kami.
At apat kaming alalahanin
Pang araw-araw na pagkain.

Talagang parang mahirap
Na isipin pa ang nahinto kong pangarap
Ang mag-aral, ang makapagtapos.
Pero ang pangarap ay hindi nagagapos.

Ngayon,
sabay kami ng panganay ko mag-eskwela
Kinder siya, Grade 10 ako.
Sabay pumasok, sabay umuwi,
Sabay na nangangarap.

Ang pangarap,
Ito ba ay namamatay nang kusa? O pinapatay?
Nawawala lang basta? O tinatago?
Binabaon sa limot?

MARIVIC

6. Gusto kong maging guro.
Kaya nag-aral akong mabuti
Grade 6 ako noon
Nang dumating sya sa buhay ko.

Mabait, maalalahanin
Pero ‘di na niya maalala
Ang pangarap kong maging guro
Sa pag-aaral ako pinahinto.

Nagtanim, nagsaka
Nanganak.
Nagtanim, nagsaka
Nanganak.

Gusto kong maging guro?
Nagtatanim, nagsasaka.
Gusto ko makapag-aral
Ang aking mga anak.

Gusto kong maging guro?
May umaagaw ng aming lupa.
Hindi kami makapagtanim,
Hindi kami makapagsaka.

Gusto ko maging mas malakas
Ang aming tribo
Sa pagdepensa ng aming lupa.

Gusto ko padayon
Ang aming pagtatanim
Pagsasaka sa aming
Lupaing ninuno.

Magkano ba ang pangarap?
May bayad ba ang mangarap?

MALYN

7. Katorse ako noon.
Umuwi mula sa eskuwelahan
May mga bisitang naabutan
Ako pala ang pinag-uusapan.

Tatlumpu't limang libong piso
Dalawang baboy
1 baka
'Yan ang aking kabayaran
Dowry ang katawagan.

Anong masasabi ko
'Di naman ako tinatanong
Basta napagkasunduan
Sa lalaking iyon
Ang aking kinabukasan.

Dahil sa kaniyang katandaan
Lagi naman akong magalang
Sumusunod sa kaniyang mga utos
At mga kahilingan.

Isang anak,
Dalawang anak.
Pag-alaga ng pamilya
Pag-alaga sa kaniya.

Mahal ko ba siya?
Bakit tinatanong 'yan?
Wala ngang nagtanong sa akin
Bago pa man kami kasalin.

Isang beses lang naman
Pero tumimo sa aking isipan
Nang siya ay umuwi, galing inuman.
Sinakal, sinaktan niya ako
Dahil, ewan ko, 'di ko na matandaan.

Nakakapagod din pala
Ang 'di magmahal
Sa loob ng isang relasyon
Na dapat ay pang habambuhay.

Kung pwede lang may ibang gawin
Gusto kong mag-aral
Gusto kong magsayaw ng Madal **
Gusto kong bumalik sa amin.

Pero para mangyari yon
Kailangan ko ng–

Tatlumpu't limang libong piso
Dalawang baboy
1 baka
'Yan ang aking kabayaran
Dowry ang katawagan.

At dapat doblehin ito.
'Yan ang kaugalian.

Paano kaya?

Mata'y napapikit.
Balikat napakibit.

LEY-AN

8. Hihintayin ko ang pagdapo
Ng lakas ng loob
Kahit ang kabayaran
Ay aking kabataan.
Kahit tumanda na ako
Sa paghihintay
Makaalis lang
Sa aking kinalalagyan.
Para makalaya,
Para lumaya.

May maliit o malaki bang pangarap?
Ano ba dapat ang laki nito?
Sinliit ng isang salop ng bigas?
O sinlaki ng lupaing ninuno?

Walang panukat ng pangarap.

Makapagtapos ng pag-aaral
Magkabahay
Magkaroon ng negosyo at pagkakakitaan
Makatulong sa mga magulang
Mapag-aral ang mga anak

Huwag masaktan
Magmahal
Mahalin
Maging malaya
Sa pagmamahal
Maging malayang
Mangarap
Magkaroon ng lakas ng loob
Sa pag-abot ng pangarap

Para kanino ba ang pangarap?
Sa sarili mo? Para sa iba?
Sino ba ang may-ari ng pangarap ng isang babae?

Ang pangarap
Isa itong mahirap isipin,
Mahirap pag-isipan
Ng isang babaeng
Nagmamahal labas sa sarili.

Pero

Isipin natin
Ang pangarap,
Ang mangarap
Ay bahagi ng ating paglaban.
Para sa ating dignidad
Sa ating karapatan
Na magmahal
Na mahalin
Na may laya
Na may katapatan
Ng walang karahasan,
Para sa ating mga minamahal,
At oo, para sa ating mga sarili.



Tungkol sa Proyekto

Paano nga ba bigkasin ang pag-ibig? Ito ang unang tanong na sumagi sa aming isipan ng pinagnilayan at hinanap namin ang kuwento ng mga katutubong kabataang babae sa usapin ng pag-ibig.

Nang maisabatas ang Republic Act No. 11596, o ang batas na nagbabawal at nagpaparusa sa pagkakasal sa mga batang wala pang labingwalong gulang sa Pilipinas, naging mahalagang usapin sa mga katutubong komunidad kung paano mapipigilan ang maagang pag-aasawa ng mga kabataan—babae man o lalaki.

Madalas na itinuturo ang kultura bilang dahilan ng maagang pag-aasawa, kasabay ng kahirapan, kawalan ng akses sa edukasyon, at impluwensya ng makabagong teknolohiya. Sa gitna ng mga paliwanag na ito, patuloy naming hinanap ang boses ng mga katutubong kabataang babae sa usapin ng pag-ibig, pag-aasawa, at panganganak.

Kailan nila unang naramdaman ang magmahal? Nakaramdam ba sila ng kilig, o nakaranas din sila ng sakit? Kagaya ba ng kanilang mga karanasan ang napapanood sa telebisyon at pelikula, o ang nababasa sa mga libro? Higit sa lahat, may kalayaan ba silang pumili kung sino ang mamahalin at paninindigan?

Mula sa mga tanong na ito, nakilala ng LILAK ang mga karakter sa mga kuwentong nabasa ninyo. Ang mga kuwento sa Sa Ilalim ng mga *Makukulay na Tala*, *Ang Kuwe'k sa Panaginip ni Freya*, at *Babaeng Nangangarap Mangarap* ay hango sa mga testimonya at kuwentong narinig namin mula sa animnapung (60) katutubong kabataang babae mula sa Dulangan Manobo, Teduray, at Lambangian ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao, at Taboli ng South Cotabato. Nakipagkuwentuhan kami, kinilig, nalungkot, lumuha at nagpigil ng luha, nagalit, at nangarap kasama nila.

Nais ng LILAK Purple Action for Indigenous Women's Rights na ang mga kuwentong ito ay hindi manatili sa loob ng mga tahanan at mga dokumento. Layunin naming maihatid ito sa mas malawak na mambabasa. Hangad naming nakaramdam ka ng kilig, takot, pagkaasiwa, lungkot, at bigat sa mga kuwentong ito. Higit sa mga damdamin, hangad naming magtanong at mag-usisa ka. Iniiwan namin sa iyo ang mga kuwentong ito upang sabay nating pagnilayan kung bakit may mga kabataang katutubong babae ang pinapapili pa rin sa pagitan ng pangarap at tungkuling ipinapataw sa kanila ng lipunan sa murang edad.

Paano nga ba bigkasin ang pag-ibig?

Para sa amin at sa kolektibong bumuo ng aklat na ito, ang pag-ibig ay hindi lamang tungkol sa kilig, saya, o sakit.

Sana sa susunod, hindi na nila kailangang isuko ang pangarap para mabuhay, para umibig.

Mula sa mga babae, para sa mga babae, at higit lalo, para sa mga katutubong kabataang babae.

Kailan mo unang naramdaman ang magmahal?

Tinanong namin ang mga katutubong kabataang babae mula sa mga komunidad ng Dulangan Manobo, Teduray at Lambangian, at Taboli kung kailan nila unang naramdaman ang magmahal. Narito ang kanilang mga sagot:

Dulangan Manobo


Aly, 17


Annabel, 17


Bing Bing, 16


Emy Rose, 15


Fely, 16


Hara, 16


Janica, 17


Jessa Mae, 10


Jessica, 10

Dulangan Manobo


Johanna, 19


Lanie, 17


Marsela, 17


Mary Joy, 13


Myka, 16


Nicy, 15


Rosepith, 17


Manilyn, 17


Anonymous,13


Merry Ann, 14


Anonymous,16


Anonymous,16

Teduray at Lambangian


Antoneth, 16


Anonymous, 14


Anonymous, 14


Christina, 17


Dailyn, 15


Felyn, 14


Hazel, 17


Irish, 16


Jilian, 16


Laica, 14


Laysa, 15


Mailyn, 14

Teduray at Lambangian


Maley, 16


Manilyn, 14


Sherell, 14


Via, 14



Anonymous,14


Anonymous, 14

Taboli


Aiza, 13


Anonymous, 13


Anonymous, 14


Anonymous, 14


Anonymous, 14


Anonymous, 15


Anonymous, 16


Emmalyn, 17


Grace, 15


Jennifer, 13


Jillian, 15

Taboli


Kimberly, 14


Laida, 15


Marcela, 18


Maricel, 18


Mary Grace, 14


Neneth, 13


Rey-ann, 15


Anonymous,14


Anonymous, 14

Talasalita:

Adal - tradisyunal na sayaw ng mga Dulangan Manobo

Edeng - isang terminong Teduray na idinaragdag sa pangalan ng isang ina, kasama ang pangalan ng kaniyang panganay na anak. hal. “Edeng Tata” ang tawag sa nanay na Tata ang pangalan ng panganay

Tefaya - bilao

Fagilidan - ay isang sistema ng katarungan sa antas ng Inged Fintailan na namamagitan at lumulutas sa mga isyu na may kinalaman sa kapakanan ng mga kababaihan

Flasa - ang kabuuang halaga na kapalit para sa mga kababaihan sa pag-aasawa sa mga grupong Teduray at Lambangian

Fulbus kafe - katawagan ng mga Teduray, Lambangian, at Dulangan Manobo para sa kanilang katutubong kape

kesasawaay - asawa sa salitang Dulangan Manobo

Kuwe’k - ginagamit na termino ng mga Teduray at Lambangian upang ilarawan ang isang halimaw na naghahasik ng takot at kumakain ng mga tao sa gabi

linepet - rice packed in banana leaves

madal - Taboli women dance

sunggod - dowry sa salitang Dulangan Manobo

Tenabel manok - isang tradisyunal na ulam ng mga Dulangan Manobo na binubuo ng pinakuluang manok, sabaw nito, at natural na pampalasang nakukuha mula sa kanilang kabundukan

uma - sakahan sa salitang Hiligaynon

uyab - kasintahan sa salitang Hiligaynon

Mga May Akda



Jean Wico

Nagtapos si Jean Kyle Wico ng Broadcast Media Arts and Studies sa UP Diliman. Sa kanyang gawain sa LILAK (Purple Action for Indigenous Women's Rights), ginagamit niya ang kaalaman sa komunikasyon at pagkukuwento upang ibahagi ang mga karanasan ng kababaihan.

Naniniwala si Jean na may kapangyarihan ang mga kwento na maglapit ng mga tao, magbigay-halaga sa kanilang mga karanasan, at magbigay-daan sa mga tinig na madalas hindi napakikinggan.

Umaasa siyang makatulong sa pagbuo ng isang mundong may puwang para sa bawat babae at batang babae, isang mundong kung saan malaya silang mangarap, magpahayag, at maging ganap na sila, kung saan sila ay nakikita, naririnig, at pinahahalagahan.



Jayneca Reyes

Nakatuon ang gawain ni Jayneca Reyes sa ugnayan ng pelikula, midya, kasarian, at karapatan ng kababaihan. Nakamit niya ang kaniyang MA sa Media Studies (Film) mula sa Unibersidad ng Pilipinas.

Bilang isang dokumentarista, edukador, at feminista, nais niyang gamitin ang ugnayang ito para mas ilapit sa mas maraming tao ang mga karanasan at isyu na madalas ay hindi nabibigyan ng pansin. Kabilang sa kanyang mga pelikula ang *Twilight in the Morning* (2023), tungkol sa mga batang nakaranas ng karahasan; *DocWomentary: Women Behind the Lens* (2019), tungkol sa mga Filipinang dokumentarista; at *Bagong Silang* (2016), tungkol sa sapilitang paglikas ng mga maralitang komunidad sa Maynila sa panahon ng martial law.

Nagtuturo siya ng pelikula at midya sa De La Salle–College of Saint Benilde, Far Eastern University, at Ateneo de Manila University. Nailathala sa *Pelikula: A Journal of Philippine Cinema* ang kanyang pananaliksik tungkol sa mga babaeng dokumentarista sa Pilipinas.



judy a. pasimio

Mahillig sa kuwento at makipagkwentuhan si judy. Naniniwala siya na lumalalim ang relasyon ng mga tao dahil dito; lumalakas din ang loob ng mga nagkukwento, lalo pa't kung may nakikinig. Sa mahabang panahon na siya ay kumikilos sa komunidad ng mga katutubong pamayanan, napagtanto niya na ang madalas na hindi naririnig ay ang mga kwento ng mga katutubong kababaihan at kabataan.

Kaya sa loob ng ilang mga dekada, si judy, bilang campaigner, tapos team leader at naging Executive Director ng Legal Rights and Natural Resources Center (LRC), ay laging nakikipagkuwentuhan sa mga katutubong kababaihan—sa loob ng mga pulong, habang naghahanda ng hapunan, o ng almusal.

Noong 2012, binuo nila ang LILAK (Purple Action for Indigenous Women's Rights), para lumikha at umukit ng mas maraming espasyo para makipagkwentuhan sa mga katutubong kababaihan. Sa iba't ibang paraan, sa iba't ibang larangan, lokal hanggang international, dinadala ni judy at ng LILAK ang mga kuwento ng katutubong kababaihan at kabataan—kuwento ng pakikibaka, ng pagmamahal sa bayan, at pag-asa para sa mas makatarungang lipunan.

Tungkol sa
LILAK (Purple Action for Indigenous Women's Rights)

Ang LILAK (Purple Action for Indigenous Women's Rights) ay isang kolektibo ng mga kababaihan at katutubong kababaihan, aktibista, at mga pemenista mula sa iba't ibang larangan upang kumilos ng may pakikiisa sa mga katutubong kababaihan.

Ang mga katutubong kababaihan ay kabilang sa mga hindi lubos na naririnig ngunit higit na apektado ng lumalalang kahirapan, kagutuman, pagkasira ng kalikasan, at pagkaubos ng mga likas na yaman. Bahagi kami ng mga pakikibaka laban sa iba't ibang anyo ng diskriminasyon, karahasan, at marginalisasyon ng mga katutubong kababaihan. Hangad namin ang isang lipunan na may pagkilala sa pagkakakilanlan ng kababaihan at sa kakayanan nilang gamitin ang kanilang mga karapatan. Isang lipunan kung saan matatamasa nila ang kalayaan mula sa kahirapan, karahasan, kawalan ng kapangyarihan, at kawalang-katarungan.

Nagsusumikap kami para ang mga katutubong kababaihan ay magkaroon ng boses at makabuluhang partisipasyon sa lahat ng antas ng pagdedesisyon. Layunin naming mapalakas ang kanilang mga tinig, pagkilala ng kanilang mga pamumuno, pagbibigay ng mga plataporma para sa kanilang mga aksyon at adbokasiya, at pag-uugnay ng gawaing pakikiisa sa iba pang mga kababaihan, at sa lipunan.

Ang pakikibaka ng mga katutubong kababaihan, ay siya ring aming pakikibaka. Ang kalayaan nila ay kalayaan ng bawat isa.

Paano Bigkasin ang Pag-ibig?

Mga Kuwento ng Pag-ibig, Pighati, at Pangarap

“Paano napipili ang makakasama sa buhay? Para sa ilang kabataang babaeng katutubo sa Mindanao, ito ay malayang pagpapasya. Para sa marami, ang kanilang pag-aasawa ay pinagpapasyahan ng mga magulang.

Mula sa pakikipag-aralan ng LILAK sa mga komunidad ng katutubo, hinabi ang mga kuwentong ito ng maagang pag-aasawa at pagiging ina, ng mga pangarap na naudlot at muling binuhay.

Sa halip na datos at estadistika lamang, binibigyang-buhay ng koleksiyong ito ang kanilang mga tinig at karanasan—ang karahasan at kawalan ng kalayaan sa pagpapasiya, ngunit gayundin ang pagmamahal sa pamilya, pag-alpas sa pagiging biktima, pagkakaisa ng kababaihan, at mga pangarap na naisakatuparan.

Nakatahi ang mga kuwentong ito sa patuloy na pakikibaka ng mga komunidad ng katutubo laban sa pagpapalayas sa kanilang mga lupang ninuno dahil sa pagmimina, mga plantasyon, at militarisasyon. Sa kanilang mga salaysay, nasisinag ang tapang, pag-asa, at paghahangad ng kababaihang katutubo na magpasya para sa sarili at hubugin ang kanilang kinabukasan habang patuloy na nakikibaka sa pagdepensa sa lupang ninuno.”

Judy Taguiwalo
Peminista, Aktibista, Guro, Martial Law survivor

Ang proyektong ito ay sinuportahan ng

Embassy of the Federal Republic of Germany Manila
Human Rights
LILAK

Copyright © 2026 ni LILAK.